

COUNTY NG SONOMA REGISTRAR NG MGA BOTANTE



PLANO SA PANGANGASIWA NG HALALAN SETYEMBRE 2023

**County ng Sonoma
Registrar ng Mga Botante
435 Fiscal Drive
Santa Rosa, CA 95403
(707) 565-6800
(800) 750-8683**

rov-info@sonoma-county.org
SoCoVotes.com

MGA NILALAMAN

SEKSIYON 1: PLANO SA PANGANGASIWA NG HALALAN.....	1
I. PANGKALAHATANG-IDEA.....	1
II. MGA AKTIBIDAD BAGO ANG HALALAN.....	1
A. Pagrepaso sa Halalan 2022.....	1
1. CRA-IT (Klerk-Tagatala-Registrar ng mga Botante-Departamento ng IT o Clerk-Recorder-Registrar of Voters–IT Department).....	2
2. Feedback sa Modelo ng VCA.....	2
B. Mga Ahensiya ng Pagpapayo.....	2
C. Inaasahang Vote Center at Opisyal na Drop Box ng Balota.....	3
D. Kagamitan at Seguridad.....	4
E. Outreach at Edukasyon.....	5
III. MGA AKTIBIDAD AT SUPORTA SA HALALAN.....	6
A. Pagsubok sa Lohika at Katumpakan.....	6
B. Mga Materyal at Resource para sa Halalan.....	6
1. Gabay sa Impormasyon ng Botante ng County.....	6
2. Pakete ng Balota para sa Pagboto sa pamamagitan ng Koreo.....	6
3. Mga Postcard ng Botante.....	6
4. Website ng ROV.....	7
C. Mga Opsiyon sa Pagboto at Access sa Balota.....	7
1. Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo.....	7
2. Accessible na Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo.....	8
3. Mga Vote Center.....	9
4. Mga Opisyal na Drop Box ng Balota.....	11
D. Pagsasanay para sa Kawani ng Vote Center (Poll Worker).....	12
IV. MGA AKTIBIDAD PAGKATAPOS NG HALALAN – Puwedeng panoorin ng publiko ang anumang proseso ng halalan.....	12
A. Canvass – Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo.....	12
B. Canvass – Mga Vote Center.....	13
C. 1% Manual na Tally.....	14
SEKSIYON 2: PLANO SA EDUKASYON AT OUTREACH PARA SA BOTANTE.....	15
I. PANGKALAHATANG-IDEA.....	15
II. OUTREACH PARA SA BOTANTE AT KOMUNIDAD.....	15
A. Pagmemensahe sa 2024.....	15
B. Mga Partner sa Komunidad.....	17
C. Matataas na Paaralan at Mas Mataas na Edukasyon.....	17
D. Network ng Indibidwal na Botante.....	17
E. Mga Direktang Contact ng Botante.....	18
F. Mga Komiteng Tagapayo.....	18
G. Mga Anunsiyo ng Serbisyo sa Publiko (Public Service Announcements o PSA) at Media.....	19
III. MGA SERBISYO SA BOTANTE.....	19
A. Mga Serbisyo para sa Mga Botanteng Limitado ang Kahusayan sa Ingles.....	19
1. Pagtukoy ng Mga Botanteng Gumagamit ng Wika ng Minorya.....	19
2. Komiteng Tagapayo sa Accessibility ng Wika.....	19
3. Mga Pang-edukasyong Workshop.....	20
4. Media/Pag-advertise.....	20
5. Mga Materyal sa Mga Alternatibong Wika.....	20
6. Bilingual na Tulong sa Mga Vote Center.....	21
B. Mga Botanteng may Mga Kapansanan.....	21
1. Komiteng Tagapayo sa Accessibility ng Pagboto.....	22
2. Mga Pang-edukasyong Workshop.....	22
3. Media/Pag-advertise.....	22

4.	Mga Materyal sa Mga Alternatibong Format.....	23
5.	Malayuan at Accessible na Pagboto sa pamamagitan ng Koreo (Remote Accessible Vote by Mail o RAVBM).....	23
6.	Accessibility ng Vote Center.....	24
7.	Mga Opsiyon sa Pagkuha o Pagpapalit ng Balota.....	25
8.	Pagpapahintulot sa Isang Kinatawan na Kumuha ng Balota ng Pagboto sa pamamagitan ng Koreo para sa Botante.....	26
IV.	PAGTUGON SA MGA PUWANG SA PAGLAHOK.....	26
A.	Pagpaparehistro para Makaboto.....	26
B.	Pangongolekta at Pagrepaso ng Data.....	27
V.	BADYET.....	27
	APPENDIX A: MGA EVENT AT PARTNER SA KOMUNIDAD.....	A1
	APPENDIX B: MGA HALIMBAWANG POSTCARD NG DIREKTANG CONTACT NG BOTANTE.....	B1
	APPENDIX C: MGA PARTNER SA MEDIA.....	C1
	APPENDIX D: BADYET.....	D1
	APPENDIX E: SAMPLE NA LAYOUT NG VOTE CENTER.....	E1
	APPENDIX F: PLANO NG PAGKILOS SA KOMUNIKASYON.....	F1
	APPENDIX G: MGA LOKASYON AT ORAS NG VOTE CENTER.....	G1
	APPENDIX H: MGA LOKASYON AT ORAS NG OPISYAL NA DROP BOX NG BALOTA.....	H1

SEKSIYON 1: PLANO SA PANGANGASIWA NG HALALAN

I. PANGKALAHATANG-IDEA

Inaatasan ng Voter's Choice Act (VCA) ng California ang isang County na magsumite ng Plano sa Pangangasiwa ng Halalan (Election Administration Plan o EAP) sa publiko na nagbibigay ng impormasyon sa kung paano papangasiwaan ng Registrar ng Mga Botante (Registrar of Voters o ROV) ng County ng Sonoma ang mga halalan sa ilalim ng VCA.

Nagawa ng County ng Sonoma na gumamit ng modelo ng pagboto na parang VCA para sa pagsasagawa ng Halalan sa Pagkapangulo noong Nobyembre 2020 at nakakuha ito ng pinakamataas na turnout sa Estado. Nagawang magbigay ng County ng ginhawa para sa mga botante at nakapag-alok ito ng ligtas na paraan ng pagboto sa panahon ng pandemya sa pamamagitan ng pagpapadala ng balota sa bawat botante na puwede nilang gamitin at ibalik, sa halip na bumoto nang personal, kung iyon ang gusto nila. Sa halip na matali sa isang partikular na polling place, ang modelo na parang VCA ay nag-alok sa mga botante ng kakayahang pumili ng Vote Center na pinakaangkop para sa kanila, at nagbigay rin ito ng mga karagdagang araw ng pagboto bago ang Araw ng Halalan, para matiyak na maraming pagkakataon ang mga botante na makaboto. Sikat pa rin ang personal na pagboto sa Araw ng Halalan sa buong County, kung saan may 30 Vote Center na nagkaroon ng maraming kawani para tulungan ang mga botante at tiyaking ligtas ang karanasan ng pagboto; ilang lokasyon lang ang may mga pila o matagal na pagkaantala sa Araw ng Halalan. Ginamit ng pangunahing tanggapan ng ROV ang QLess system para bigyang-daan ang mga botante na "pumila" sa elektronikong paraan at nagawa nilang maghintay sa kanilang sasakyan hanggang sa tawagin ang kanilang numero, at saka sila papasok sa Tanggapan ng ROV para sa tulong. Nagbigay-daan ito sa ligtas na pagboto at tiniyak nito ang wastong social distancing para sa naghihintay ng tulong. Patuloy na gumagawa ng mga pagpapahusay ang ROV para iproseso ang malaking bilang ng ibinalik na balota ng Pagboto sa pamamagitan ng Koreo at sa karanasan sa personal na pagboto.

Pagkatapos ng Halalan noong Nobyembre 2020, opisyal nang ginamit ng County ng Sonoma ang modelo ng pagboto ng Voter's Choice Act para sa mga halalan simula 2022 pagkatapos magpresenta ng Plano sa Pangangasiwa ng Halalan na inaprobahan ng Kalihim ng Estado noong 2021. Maraming lokasyon na ginamit sa karanasan noong Nobyembre 2020 ang ginamit ulit bilang mga Vote Center, at ang mga panahon ng maagang pagboto ay ipinatupad batay sa mga kinakailangan ng Voter's Choice Act.

Ibabalangkas ng planong ito ang mga event na mangyayari para makapaghatid ng halalan sa ilalim ng VCA.

Mga Tanong o Alalahanin:

Tanggapan ng ROV (707) 565-6800
Toll-free (800) 750-8683
rov-info@sonoma-county.org

II. MGA AKTIBIDAD BAGO ANG HALALAN

A. Pagrepaso sa Halalan 2022

Marami sa mga pamamaraan sa pangongolekta ng data ang ginawa sa pagpapatupad ng modelo ng pagboto ng VCA noong 2022 para matulungan ng Halalan 2022 sa County ng Sonoma ang ROV na pahusayin ang karanasan sa pagboto para sa mga halalan sa hinaharap. Gagamitin din ang mga pamamaraang ito sa panahon ng mga cycle ng halalan sa hinaharap.

1. *CRA-IT (Klerk-Tagatala-Registrar ng mga Botante-Departamento ng IT o Clerk-Recorder-Registrar of Voters–IT Department)*

Kumuha ang CRA-IT ng mga pansamantalang field technician at ginamit nito ang suporta ng Departamento ng Mga Sistema ng Impormasyon (Information Systems Department) ng County para bisitahin ang mga Vote Center sa lahat ng araw ng pagboto para mag-troubleshoot ng mga problema at magbigay ng feedback sa Tanggapan ng ROV tungkol sa kagamitang baka kailanganing i-secure at ilagay sa mga lokasyon para matiyak na maibibigay ng mga ito sa mga botante ang pinakamagandang karanasang posible. Nalaman ng ROV na madaming botante sa ilang Vote Center, at iminungkahi nito ang pag-deploy ng mga karagdagang pang-roster na laptop at Mobile na Printer ng Balota, para matugunan ang isyu. Tinugunan din ng mga nag-iikot na technician na ito ang mga teknikal na isyu kapag hindi wastong na-set up ng mga poll worker ang kagamitan at nilutas nila ang isyu at tinuruan nila ang mga poll worker tungkol sa wastong pag-set up sa loob ng mga natitirang araw ng pagboto.

Mula ngayon, patuloy na kukuha ang ROV ng mga pansamantalang technician para magbigay ng suporta sa IT.

2. *Feedback sa Modelo ng VCA*

Kumuha ng feedback mula sa mga poll worker, suporta sa field, at suporta sa IT para ipaalam sa ROV ang tungkol sa karanasan nila sa paggamit ng modelo ng pagboto na parang VCA. Humiling ng feedback kaugnay ng pagsasanay sa poll worker, pang-edukasyong materyal ng Vote Center, mga ibinigay na supply, at mga pangkalahatang antas ng kasiyahan sa modelo ng Vote Center o partikular na lokasyon, at kawani ng Vote Center. Ang feedback ay gagamitin ng ROV para pahusayin ang pagsasanay sa Kawani ng Vote Center, at tukuyin ang mga partikular na isyung may kaugnayan sa lokasyon ng bawat Vote Center, tulad ng mga alalahanin sa paradahan at isyu sa kagamitan. Makakatulong ito sa paghahanda para sa mga Halalan sa hinaharap.

B. Mga Ahensiyang Tagapayo

Ang [Komiteng Tagapayo sa Accessibility ng Pagboto](#) (Voting Accessibility Advisory Committee o VAAC) at ang [Komiteng Tagapayo sa Accessibility ng Wika](#) (Language Accessibility Advisory Committee o LAAC) ay nagdadaos ng kahit man lang mga quarterly na pagpupulong ng bawat komite para talakayin ang mga pangkalahatang paksa ng halalan, tulad ng mga opisyal na materyal ng halalan, mga pagsisikap sa pagbibigay ng edukasyon at outreach, mga alalahanin sa cybersecurity, at mga tanong o alalahanin mula sa pangkalahatang publiko. Ang mga komiteng ito ay nagbibigay ng feedback tungkol sa mga paraan ng pagpapahusay sa modelo ng VCA sa County ng Sonoma, nagmumungkahi ng mga pagpapahusay sa website, at nagbibigay ng mahalagang feedback para sa mga materyal ng outreach. Patuloy na regular na magpupulong ang mga komiteng tagapayo na ito sa panahon ng mga cycle ng halalan sa hinaharap at magsasama ito ng mga miyembro ng publiko, tagapagtaguyod, at

organisasyong nakabatay sa komunidad. Kailangang kumumpleto at magsumite ng aplikasyon ang sinumang gustong lumahok para makasali.

C. Inaasahang Vote Center at Opisyal na Drop Box ng Balota

Inaatas ng Election Code 4005 (Voter's Choice Act) na ibatay ang dami ng mga Vote Center at Opisyal na Drop Box ng Balota sa kabuuang dami ng mga pagpaparehistro ng botante para sa County 88 araw bago ang Halalan. Para matiyak na naaangkop ang pipiliing mga Vote Center at Opisyal na Drop Box ng Balota, nagsasagawa ng mga inspeksiyon sa mga potensiyal na lokasyon sa panahon ng tag-init bago ang mga pangunahing cycle ng halalan. Napag-alaman ng ROV na nakakatulong ang paglipat sa VCA sa pagkuha ng mga pangmatagalang lokasyon ng Vote Center.

Kakailanganing subaybayan ang pagdami ng pagpaparehistro ng botante na bahagyang dahil sa awtomatikong pagpaparehistro ng botante sa pamamagitan ng Departamento ng Mga De-motor na Sasakyan (Department of Motor Vehicles o DMV) para matiyak na madaragdagan namin ang mga lokasyon ng Vote Center at Opisyal na Drop Box ng Balota kapag natugunan na ng dami ng pagpaparehistro ang ilang partikular na limitasyon. Sa kasalukuyang pagpaparehistro ng wala pang 300,000, ang mga kinakailangan ay:

- 30 lokasyon ng Vote Center (1 bawat 10,000 rehistradong botante)
- 20 lokasyon ng Opisyal na Drop Box ng Balota (1 kada 15,000 rehistradong botante)

Inaatas din ng Election Code 4005 sa mga county na isaalang-alang ang ilang partikular na pamantayan kapag naghahanap ng lokasyon ng mga Vote Center para sa komunidad.

Ang mga pamantayang isasaalang-alang ay:

- Layo ng lokasyon ng vote center at Opisyal na Drop Box ng Balota sa pampublikong transportasyon.
- Layo ng lokasyon ng vote center at Opisyal na Drop Box ng Balota sa mga komunidad na naitalang may pinakakaunting paggamit ng pagboto sa pamamagitan ng koreo.
- Layo ng lokasyon ng vote center at Opisyal na Drop Box ng Balota sa mga sentro ng populasyon.
- Layo ng lokasyon ng vote center at Opisyal na Drop Box ng Balota sa mga komunidad na gumagamit ng wika ng minorya.
- Layo ng lokasyon ng vote center at Opisyal na Drop Box ng Balota sa mga botanteng may mga kapansanan.
- Layo ng lokasyon ng vote center at Opisyal na Drop Box ng Balota sa mga komunidad na may mababang rate ng mga sambahayang may pagmamay-aring sasakyan.
- Layo ng lokasyon ng vote center at Opisyal na Drop Box ng Balota sa mga komunidad na may mababang kita.
- Layo ng lokasyon ng vote center at Opisyal na Drop Box ng Balota sa mga komunidad ng mga kuwalipikadong botanteng hindi rehistradong bumoto at posibleng mangailangan ng access sa pagpaparehistro ng botante sa parehong araw.

- Layo ng lokasyon ng vote center at Opisyal na Drop Box ng Balota sa mga populasyong heograpikal na nakahiwalay, kasama ang mga reservation ng Native American.
- Access sa accessible at libreng paradahan sa mga lokasyon ng vote center at Opisyal na Drop Box ng Balota.
- Ang distansya at tagal ng biyahe ng isang botante sa pamamagitan ng sasakyan o pampublikong transportasyon patungo sa lokasyon ng vote center o Opisyal na Drop Box ng Balota.
- Ang pangangailangan para sa mga alternatibong pamamaraan para sa mga botanteng may mga kapansanan kung saan hindi accessible ang mga balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo para makaboto.
- Ang mga pattern ng trapiko malapit sa mga lokasyon ng vote center at Opisyal na Drop Box ng Balota.
- Ang pangangailangan para sa mga mobile na vote center bukod sa dami ng mga ginawang vote center.
- Lokasyon ng vote center sa pampubliko o pribadong lugar ng unibersidad o kolehiyo.

Pana-panahong magsasagawa ang ROV ng pagsusuri sa mga pamantayan ng VCA gamit ang Geographic Information System ng County at gagawa ng layering map ng mga pamantayan ng VCA. Gagamitin ng ROV ang data para makipag-ugnayan sa mga potensiyal na lokasyon para hilingin ang paglahok ng mga ito bilang Vote Center, at magsagawa ng pagsubok sa konektibidad ng wi-fi para matiyak na magagamit ng mga lokasyon ang elektronikong solusyon sa roster para 1) maibigay ang tamang balota para sa bawat botante, saanmang Vote Center sila pupunta, at 2) tiyaking matutukoy ng mga poll worker kung nakapagbalik na ng balota ng VBM ang botante sa aming opisina, o nakaboto na sa ibang Vote Center sa loob ng panahon ng pagboto. Susuriin ang parehong data na ito para tukuyin ang mga pinakaangkop na lokasyon ng Opisyal na Drop Box ng Balota.

linspeksiyonin din ang lahat ng lokasyon para malaman kung magagamit/accessible ito bago piliin bilang Vote Center para sa isang halalan. Ang inspeksiyon ay isang mahalagang unang hakbang sa pagtukoy ng mga lokasyong pinakamahusay na makakapagsilbi sa mga botante.

May kompletong listahan ng mga minimum na kinakailangan sa Vote Center at impormasyon ng ebalwasyon sa Appendix G. May kompletong listahan ng mga minimum na kinakailangan sa Opisyal na Drop Box ng Balota at impormasyon ng ebalwasyon sa Appendix H.

D. Kagamitan at Seguridad

Para matiyak na may sapat na kagamitan para sa pagboto ang lahat ng lokasyon, magkakaroon ang ROV ng backup na kagamitang made-deploy na ihahatid ng Opisyal ng Suporta sa Field (Field Support Officer o FSO), o ng field tech ng Klerk-Tagatala-Tagasuri-IT (Clerk-Recorder-Assessor-IT o CRA-IT). Mag-uulat ang mga field tech ng CRA-IT o FSO sa ROV kung kailangan ng isang lokasyon ng mga karagdagang pang-roster na laptop o Mobile na Printer ng Balota, para mabilis na ma-deploy ang mga ito ayon sa kinakailangan.

Bukod sa pagtitiyak na mayroong sapat na kagamitan, kailangan ding tiyaking secure ang lahat ng kagamitan. Hihingi ng feedback ang ROV mula sa ibang County ng VCA ayon sa kinakailangan para malaman kung ano ang natutunan nila at ano ang mga kagawiang ginagamit nila. Tuloy-tuloy na ia-update ng ROV ang lahat ng software at kagamitan ayon sa pinapahintulutan ng batas ng estado, at sa direksiyon at tulong ng aming vendor ng Sistema ng mga Halalan, ang Dominion. Bukod dito, mas maraming security camera ang ii-install sa mga lugar ng pagpoproseso ng balota. Magsasagawarin ng pang-iwas na pagmementina sa kagamitan sa pagboto alinsunod sa mga pamamaraan sa paggamit ng kagamitan.

Ang paghahanda ng kagamitan sa pagboto ay isinasagawa ng Information Systems Coordinator ng Departamento, Information Specialist Technician ng Departamento, Lead Storekeeper, at kawani ng Karagdagang Tulong ng ROV. Ang paghahatid ng kagamitan ay pinapangasiwaan ng Chief Deputy ng ROV, Lead Storekeeper, at ng isang drayage company, na kokontratahin para secure na maihatid ang mga kagamitan at materyal sa pagboto sa mga Vote Center para sa ROV.

Ang paghahatid ng mga kagamitan at supply sa pagboto ay pagkakasunduan ng drayage company at ng lokasyon ng Vote Center sa tamang oras para makapagbukas ang maagang pagboto, na nangyayari 10 o 3 araw bago ang Araw ng Halalan.

Itatabi ang kagamitan sa lokasyon ng Vote Center sa lugar na paunang napagkasunduan ng drayage company at ng lokasyon ng Vote Center. Ang lahat ng kagamitan ay may mga serialized na lock sa lahat ng bag, cart, o lalagyan ng materyal, na itinatala at sinusuri sa log ng seguridad para sa Vote Center ng poll worker na magbubukas ng mga poll sa unang araw ng maagang pagboto.

Ang lahat ng kagamitan ay ise-secure ng mga poll worker na may mga bagong serialized at nakatalagang lock sa pagitan ng mga araw ng pagboto at kukumpirmahin nilang naroon at secure ang mga ito sa pagbukas ng mga poll sa mga susunod na araw ng pagboto.

E. Outreach at Edukasyon

Patuloy na maghahatid ng edukasyon at outreach ang ROV sa iba't ibang komunidad kaugnay ng mga opsiyon sa pagboto sa ilalim ng VCA. Makikita ang planong ito sa pahina 12-22 ng dokumentong ito.

III. MGA AKTIBIDAD AT SUPORTA SA HALALAN

A. Pagsubok sa Logic at Katumpakan

Ang lahat ng kagamitan ay iko-configure ng kawani ng ROV para sa bawat halalan, pagkatapos matanggap ang certified na listahan ng mga kandidato mula sa Kalihim ng Estado (para sa mga Pambuong estadong halalan), at maihanda ng kawani ng ROV ang listahan ng mga kandidato para sa mga lokal na halalan. Isasagawa ang Pagsubok sa Logic at Katumpakan alinsunod sa batas ng estado para sa lahat ng kagamitan sa pagboto, kasama ang mga printer ng balota, accessible na device sa pagmamarka ng balota, at mga tabulator. Magpapadala ng media release bago simulan ang Pagsubok sa Logic at Katumpakan. Bukas sa publiko ang prosesong ito.

B. Mga Materyal at Resource ng Halalan

1. *Gabay sa Impormasyon ng Botante ng County*

Ang Gabay sa Impormasyon ng Botante ng County (County Voter Information Guide o VIG) ng ROV ay maglalaman ng mga larawan ng sample na balota para sa uri ng balota ng bawat botante para sa bawat halalan. Magkakaroon din ang gabay na ito ng detalyadong impormasyon sa proseso ng Pagboto sa pamamagitan ng Koreo (Vote by Mail o VBM), mga opsyon sa paghiling na palitan o ibalik ang isang balota ng VBM, kasama ang kompletong listahan ng mga lokasyon ng Vote Center at Opisyal na Drop Box ng Balota. Available ang VIG sa format na malaking print at online na print, at bilingual ito sa Ingles/Espanyol.

Magkakaroon ng accessible na Gabay sa Impormasyon ng Botante ng County sa website ng ROV 45 araw bago ang Araw ng Halalan. Para i-access ang Gabay sa Impormasyon ng Botante ng Estado na naglalaman ng impormasyon sa mga kandidato at panukalang pambuong estado, bisitahin ang <https://www.sos.ca.gov/elections/>.

2. *Pakete ng Balota ng Pagboto sa pamamagitan ng Koreo*

Ang bawat rehistradong botante sa Sonoma County ay makakatanggap sa koreo ng pakete ng Pagboto sa pamamagitan ng Koreo na naglalaman ng lahat ng materyal na nasa Ingles/Espanyol na bilingual na format. Isasama sa paketeng ito ang opisyal na balota ng botante, mga tagubilin sa pagboto, isang asul na return envelope para sa balota na may mga butas na gabay sa lagda para tulungan ang mga botanteng may mga kapansanan na hanapin ang linya para sa lagda, isang listahan ng lahat ng lokasyon ng Opisyal na Drop Box ng Balota at Vote Center, at isang sticker na “I Voted (Bumoto Ako).” Ang mga materyal para sa halalan, tulad ng mga opisyal na balota, ay hindi ipinapasa ng Serbisyo sa Koreo ng US (US Postal Service o USPS) (Election Code 3008(b)). Ibinabalik ang mga ito sa ROV para iproseso.

3. *Mga Postcard ng Botante*

Makakatanggap ang lahat ng rehistradong botante ng dalawang postcard sa Ingles/Espanyol na bilingual na format na nagbibigay ng impormasyon sa mga botante tungkol sa paparating na halalan at impormasyon sa pakikipag-ugnayan. Ipapadala ang unang postcard sa pamamagitan ng koreo sa mga botante bago ang Mga Gabay sa Impormasyon ng Botante ng County, at ipapadala ang pangalawang postcard sa pamamagitan ng koreo sa mga botante bago magbukas ang 11 Araw na Vote Center.

4. [Website ng ROV](#)

Ia-update ang website ng ROV sa sumusunod na impormasyon, habang nagiging available ang mga ito:

- a. [Tool sa Pagtingin ng Pagpaparehistro ng Botante](#) na nagbibigay-daan sa sinumang botante ng County ng Sonoma na i-verify ang kanilang impormasyon sa pagpaparehistro ng botante.
- b. Mga lokasyon ng Vote Center at Opisyal na Drop Box ng Balota na isinaayos ng Lungsod, na may mga oras ng operasyon, at mga direksiyon sa anumang lokasyon sa pamamagitan ng Google Maps.
- c. Mga Interactive na Resulta ng Halalan
- d. Impormasyon sa [Mga Opsiyon sa Accessible na Pagboto](#), kasama ang impormasyon sa kung ano ang available sa isang Vote Center, Pagboto sa Labas ng Polling Place (Curbside Voting), Accessible na Pagboto sa pamamagitan ng Koreo (Vote by Mail), at Mga Materyal sa Mga Accessible na Format.
- e. Online na access sa Gabay sa Impormasyon ng Botante ng County, kapag available ito.

C. Mga Opsiyon sa Pagboto at Access sa Balota

1. *Pagboto sa pamamagitan ng Koreo*

Puwedeng piliin ng mga botante na bumoto gamit ang opisyal na balotang matatanggap nila kasama ng pakete ng Pagboto sa pamamagitan ng Koreo simula sa 29 na araw bago ang Araw ng Halalan. Puwede nilang ibalik ang balota sa pamamagitan ng koreo, sa anumang Opisyal na Drop Box ng Balota (magbubukas 28 araw bago ang Araw ng Halalan), o sa anumang Vote Center. May mga kapalit na balota sa tanggapan ng ROV at anumang Vote Center.

Kung hindi matatanggap ng isang botante ang kanilang pakete ng Pagboto sa pamamagitan ng Koreo, puwede silang tumawag sa tanggapan sa (707) 565-6800 o nang toll free sa (800) 750-8683, mag-email sa rov-info@sonoma-county.org, o bisitahin ang tanggapan ng ROV para talakayin ang mga opsiyon. Puwedeng kunin ang pakete ng Pagboto sa pamamagitan ng Koreo ng botante sa Tanggapan ng ROV ng isang kaibigan o kamag-anak kung matutugunan ang ilang partikular na pamantayan. Makikita ang higit pang impormasyon sa [website ng ROV](#).

Puwedeng ibalik ang mga balota ng Pagboto sa pamamagitan ng Koreo sa anumang Vote Center, o sa anumang Opisyal na Drop Box ng Balota hanggang 8:00 p.m. sa Araw ng Halalan. Puwede ring ibalik ang mga ito sa pamamagitan ng koreo (bayad ang selyo) at dapat ma-postmark nang hindi lalampas sa Araw ng Halalan. Kung magbabalik ng balota sa collection box ng USPS sa Araw ng Halalan, mahalagang itala ang huling oras ng pangongolektang nakalista sa collection box ng USPS. Kung ilalagay ang balota sa collection box ng USPS pagkatapos ng huling oras ng pangongolekta, hindi ito mapo-postmark hanggang sa kahit man lang kinabukasan, depende sa nakapaskil na iskedyul ng pangongolekta ng USPS, na huli na para mabilang ang balota. Kung nakalimutan ng botanteng lagdaan ang kanyang return envelope, o hindi magkamukha ang kanyang lagda at ang (mga) lagda ng botante sa kanyang file ng botante, magpapadala ng sulat at form sa botante na may return

envelope na may bayad na selyo, na may mga tagubilin at deadline para sa pagbabalik ng form. Ang mga kuwalipikadong balotang naka-postmark sa o bago ang Araw ng Halalan at natanggap sa Tanggapan ng ROV sa loob ng pinapayagang legal na yugto ng panahon pagkalipas ng Araw ng Halalan, ay bibilangin at idaragdag sa mga opisyal na resulta. Simula sa petsa ng publikasyon ng EAP na ito, ang mga balotang naka-postmark sa o bago ang Araw ng Halalan ay kailangang matanggap sa Tanggapan ng ROV Office sa loob ng hindi tatagal sa 7 araw pagkatapos ng Araw ng Halalan. Suriin ang iyong mga pang-edukasyong materyal para sa bawat halalan at/o ang [website ng ROV](#) para sa kasalukuyang deadline, sa sitwasyon ng mga lehislatibong pagbabago.

Buksan ang mga Vote Center mula 9:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. sa lahat ng araw ng maagang pagboto. Puwedeng i-verify ng mga botante ang mga oras at lokasyon ng pagboto bago bumisita sa pamamagitan ng pagrepaso sa Gabay sa Impormasyon ng Botante ng County, pakete ng Pagboto sa pamamagitan ng Koreo, pagtawag sa (707) 565-6800, o sa website ng ROV. Bukas ang lahat ng Vote Center mula 7:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. sa Araw ng Halalan. Lahat ng lokasyon ng Opisyal na Drop Box ng Balota ay bukas 28 araw bago ang Araw ng Halalan, bukas 24 oras sa isang araw,* at ila-lock pagdating ng 8 p.m. sa Araw ng Halalan.

*Sa mga espesyal na halalan, puwedeng malimitahan ang access sa drop box sa mga partikular na oras ng negosyo, na ipo-post sa [website ng ROV](#), at sa mga materyal ng pakete ng VBM.

Kapag ibinalik ang mga balota sa Tanggapan ng ROV, magsisimula ang pagsusuri sa lagda ng mga opisyal na balota, na kasing-aga ng 28 araw bago ang Araw ng Halalan. Ang bawat lagda sa ibinalik na balota ng Pagboto sa pamamagitan ng Koreo ay ihahambing sa lagda ng botante sa kanilang pagpaparehistro ng botante at sa anumang pansuportang dokumento. Hindi ie-extract o ipoproseso ang balota ng Pagboto sa pamamagitan ng Koreo hanggang sa aprobahan ng ROV ang lagda sa return envelope ng balota ng botante. Kailangang suriin ng management ang lahat ng pinagdududahang balota ng Pagboto sa pamamagitan ng Koreo. Kung hindi nagbigay ang botante ng lagda niya, o kung hindi magkamukha ang lagda niya at ang mga available na lagda sa tala ng pagpaparehistro ng botante, makikipag-ugnayan sa botante sa pamamagitan ng koreo para iwasto ang isyu bago ang sertipikasyon ng halalan.

2. *Accessible na Pagboto sa pamamagitan ng Koreo*

Maaaring ma-access ng sinumang botante ang online na programa sa pagmamarka ng balota ng Malayuugang Accessible na Pagboto sa pamamagitan ng Koreo (Remote Accessible Vote by Mail o RAVBM) sa pamamagitan ng pagkompleto sa online na form sa [website ng ROV](#) o form ng kahilingan sa likod ng kanilang Gabay sa Impormasyon ng Botante ng County. Kapag nakapagkompleto at nakapagsumite na ng form ng kahilingan ang mga botante, ipapadala ng ROV ang file ng impormasyon ng botante sa Dominion Voting System na nagho-host sa platform ng RAVBM, at makakatanggap ang botante ng email na nagbibigay ng tagubilin sa kung paano magpapatuloy. Pagkatapos, ididirekta ang mga botante sa email sa kung paano kunin ang kanilang pakete ng balota, batay sa kanilang residensiyal na address, at puwede silang mag-navigate sa elektronikong balota gamit ang isang keyboard, mouse, touchscreen, o sarili nilang mga assistive device. Kapag tapos na

ang botante na markahan ang kanyang balota, magkakaroon siya ng opsiyong suriin ang mga pinili niya. Kapag pinal na ang kanyang mga pinili, dapat i-print out ng botante ang balota at ipadala ito gamit ang napi-print na template ng sobrang available online, na kasama sa mga tagubilin. Kung kailangan ng botante ng sobrang may mga butas na gabay sa lagda, puwede siyang makipag-ugnayan sa Tanggapan ng ROV para sa kapalit na sobre. Para sa higit pang impormasyon sa RAVBM, basahin ang page 19.

3. *Mga Vote Center*

Ang sinumang kuwalipikadong residente ng County ng Sonoma ay puwedeng bumisita sa anumang Vote Center simula sa 10 araw bago ang Araw ng Halalan para:

- Bumoto nang personal
- Kumuha ng kapalit na balota para sa kanilang mga sarili kung hindi nila natanggap ang orihinal nilang balota, kung naiwala nila ito, o nagkamali sila rito. Puwede lang gawin ang pagtanggap ng kapalit na balota para sa iba sa Tanggapan ng ROV.* Ipi-print ang opisyal na kapalit na balota gamit ang isang Mobile na Printer ng Balota, na sertipikado ng Kalihim ng Estado.
*May makikitang mga detalye kaugnay ng pagkuha ng balota para sa ibang botante sa [website ng ROV](#).
- Maghulog ng nabotohang balota ng VBM
- Gumamit ng accessible na device sa pagmamarka ng balota na tinatawag na ImageCast X (ICX), na may touchscreen, keypad ng braille, audio sa Ingles o Espanyol, at input para sa paggamit ng mga device na may assistive na teknolohiya tulad ng mga paddle o sip at puff (dapat ay may sariling assistive na teknolohiya ang botante).
- Tumanggap ng tulong sa mga wika na hindi Ingles
- Magparehistro para makaboto sa unang pagkakataon o i-update ang pagpaparehistro ng isang botante gamit ang Kundisyonal na Pagpaparehistro ng Botante (Conditional Voter Registration o CVR). Ang lahat ng nabotohang balota ng CVR ay inilalagay sa pink na sobrang ipoproseso sa Tanggapan ng ROV sa panahon ng pag-canvass.

Mabibisita ng mga botante ang anumang lokasyon para makuha ang kanilang tamang uri ng balota. Bukas ang lahat ng Vote Center sa minimum na 8 oras bawat araw sa panahon ng maagang pagboto, mula 9:00 a.m. hanggang 5:00 p.m., at bukas ang lahat ng Vote Center 7:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. sa Araw ng Halalan.

Tsine-check in ang mga botante ng mga poll worker sa pamamagitan ng isang naka-secure na portal para ma-access ang file ng botante. Kung nagbalik na ng balota ang isang botante (nasuri ang lagda bilang “good o maayos”), hindi na sila makakakuha ng kapalit na balota. Kung hindi naibalik ang isang balota, o naibalik bilang “challenged o pinagdududahan,” puwedeng kumuha ang botante ng kapalit na balota, na magbo-void sa anupamang balotang ibinigay sa botanteng iyon. Kapag naibalik na ang isang balota sa pamamagitan ng anumang paraan, nang personal o sa pamamagitan ng Pagboto sa pamamagitan ng Koreo, awtomatikong mabo-void ang anumang iba pang balota.

Hindi kakailanganin ng karamihan sa mga botante na magbigay ng pagkakakilanlan

kapag bumoboto sila nang personal. Pakibisita ang [website ng Kalihim ng Estado](#) para sa higit pang impormasyon, kasama ang isang listahan ng tinatanggap na pagkakakilanlan.

Sinusunod ng lahat ng pagbotong isinagawa sa Mga Vote Center ang mga pamantayan sa seguridad ng Kalihim ng Estado, ang mga pamamaraan sa seguridad ng ROV, at mga regulasyon sa Kodigo ng Halalan ng California at ang mga Pamamaraan sa Paggamit ng Sistema ng Pagboto ng California (California Voting System Use Procedures). Kabilang dito ang, pero hindi limitado sa, pagtitiyak na ang lahat ng kagamitan sa Vote Center ay selyado, nakatago, at maihahatid at magagamit alinsunod sa mga regulasyong ito. Bukod dito, inaatasan ng aming mga kasalukuyang pamamaraan na naroon dapat ang karamihan sa mga manggagawa ng halalan kapag bukas na ang site.

Ibabalik ang lahat ng nabotohang balota gabi-gabi sa Tanggapan ng ROV, kasama ang mga sheet ng roster na naglalaman ng mga lagda ng botante, at nasirang balota. Secure na itatago magdamag ang blangkong papel ng balota sa Vote Center.

Isasagawa ang lahat ng tabulation sa tanggapan ng ROV. Walang tabulator sa anumang Vote Center. Ang lahat ng botante ay dapat mag-cast ng naka-print at papel na balota.

Sa ilalim ng mga kinakailangan sa sistema ng pagboto ng California, dapat gumana ang lahat ng certified na kagamitan sa pamamagitan ng baterya kung sakaling mawalan ng kuryente. Inaatasan ang mga inspektor na dalhin ang kanilang cell phone sa kanilang Vote Center, at tiyaking palaging may charge ito. Makatanggap ang Tagapagpatupad ng Batas ng listahan ng mga lokasyon ng Vote Center. Ang bawat Vote Center ay bibigyan ng mga pamamaraan kapag emergency at ng manual ng tagubilin para sa pagpapagana ng Vote Center at pagpoproseso ng mga botante.

Kikilos kaagad ang ROV para lutasin ang anumang pagkaantala sa isang Vote Center, at magkakaroon ng partikular na tugon sa bawat pagkaantala. Sa pangkalahatan, kung maantala ang isang Vote Center, agad na ipapadirekta ng ROV sa kawani ang mga botante sa ibang Vote Center, at ipapaalam nito ang nangyari sa lokal na pulis, sa tanggapan ng Kalihim ng Estado, at magbibigay ng mga update sa media para matiyak na naipagbigay-alam ito sa mga botante. Kung may natural na sakuna o iba pang pagkaantalang makakaapekto sa pisikal na lokasyon ng isang Vote Center o lugar ng Opisyal na Drop Box ng Balota, magdaragdag ng mga abiso, karatula, at kawaning magdidirekta sa mga botante sa isang alternatibong lokasyon. Kung mahihinto ang lahat ng aktibidad sa isang Vote Center, ise-secure kaagad ng kawani ang kagamitan sa pagboto ng Vote Center na iyon at bibilangin ang lahat ng materyal alinsunod sa Kodigo ng Halalan ng California at mga alitununin ng Pagbuo at Pagtapos ng Balota (Ballot Manufacturing and Finishing). Susubukan ng ROV na magbukas ng kapalit na Vote Center at gamitin ang lahat ng resource na naaangkop para maabisuhan ang publiko tungkol sa pagbabago.

Kung may anumang kagamitang nanakaw o mukhang napakialaman sa anumang Vote Center, maglalagay ng kapalit na kagamitan. Ang nanakaw na kagamitan ay magiging pinansiyal na kawalan sa County ng Sonoma pero hindi nito malalagay sa

panganib ang integridad ng halalan. Walang impormasyon ng botante ang iiwan sa anumang laptop sa pag-check in at kailangan ng multi-factor na pag-authenticate para gumawa ng anumang pagbabago sa naa-access na device sa pagmarka ng balota o mobile na printer ng balota.

Gagamit ng mga alituntunin sa layout para matiyak na ang mga booth sa pagboto at naa-access na device sa pagmarka ng balota ay nakalagay sa paraang nagbibigay-daan sa isang botante na markahan ang kanilang balota nang mag-isa at pribado. Magiging sensitibo ang mga layout sa mga pangangailangan sa accessibility ng mga botante at isasaayos ito para matugunan ang iba't ibang hugis at laki ng mga silid ng bawat lokasyon. May simpleng layout sa Appendix E.

Sinuri ng ROV ang pangangailangan sa mga Mobile na Vote Center at may trailer ito na magagamit kung kailangan sa panahon ng halalan. Ang anumang iskedyul para sa mobile unit ay itatakda nang maaga para makapagbigay ng sapat na abiso para sa mga botante, maliban kung dahil sa emergency. Kung magkaroon ng natural na sakuna tulad ng sunog o baha, makikipagtulungan ang ROV sa Emergency Management para mag-secure ng mga tent o alternatibong lokasyon, kung kinakailangan. Bumili ang ROV, sa pamamagitan ng grant, ng mga backup na generator na makakapagpagana ng pansamantala o pang-emergency na lokasyon ng Vote Center, kung kinakailangan. Patuloy na susuriin ng ROV ang mga hamon sa Vote Center at magbibigay ito ng suporta para sa pagbabalik ng mga balota ng Pagboto sa pamamagitan ng Koreo, ang paggamit ng mga drop box, teknikal na suporta, at pagbibigay ng serbisyo sa customer sa Tanggapan ng ROV sa panahon ng bawat halalan.

May listahan ng mga potensiyal na lokasyon ng Vote Center na may mga oras ng operasyon sa Appendix G.

May higit pang impormasyon sa seguridad ng ROV at Vote Center sa seksiyong Kagamitan at Seguridad simula sa pahina 4.

4. *Mga Opisyal na Drop Box ng Balota*

Puwedeng ihulog ng sinumang botante sa buong estado ang nabotohan na niyang balota sa anumang lokasyon ng Opisyal na Drop Box ng Balota sa estado sa loob ng nakalathalang oras ng operasyon ng mga ito. Walang kapalit na balota sa mga Opisyal na Drop Box ng Balota. Makakapagbalik lang ang mga botante ng mga balota sa mga lokasyong ito sa mga oras ng mga operasyon ng lokasyon, ayon sa nakalathala sa Gabay sa Impormasyon ng Botante ng County, pakete ng Pagboto sa pamamagitan ng Koreo, at sa website ng ROV. May 24 oras na drive-thru na drop box sa Tanggapan ng ROV sa 435 Fiscal Drive, sa Santa Rosa.

May listahan ng mga kumpirmadong lokasyon ng Opisyal na Drop Box ng Balota kasama ang mga oras ng operasyon ng mga ito sa Appendix H. Makikita ang mga mapa ng Opisyal na Drop Box ng Balota sa [website ng ROV](#) bago ang bawat halalan, kapag nakumpirma na ang mga site. Makikita ang mga Opisyal na Drop Box ng Balota sa ibang county sa website ng bawat indibidwal na county, o sa website ng Kalihim ng Estado.

D. Pagsasanay para sa Kawani ng Vote Center (Poll Worker)

Ang lahat ng kawani, kasama ang mga nagtatrabaho sa mga Vote Center, at ang mga nagbibigay ng teknikal na suporta at suporta sa pagsunod, at binibigyan ng pagsasanay sa pagpapagana ng kagamitan sa pagboto, pag-set up ng Vote Center, pagtulong at pagpoproseso ng mga botante, kasama ang pagtulong sa mga botante sa kanilang mga pangangailangan sa accessibility at wika, pag-secure ng sensitibong kagamitan bawat gabi ng pagboto, at ang mga wastong pamamaraan kung sakaling magkaroon ng emergency.

Nagsagawa ang ROV ng pagsasanay online sa mga poll worker para sa halalan noong Nobyembre 2020, at para sa lahat ng halalan noong 2021 at 2022, at napag-alaman nitong matagumpay na instrumento ang online na pagsasanay para sa pagsasanay ng mga poll worker. Patuloy naming isasagawa ang karamihan sa pagsasanay online sa mga halalan sa hinaharap, nang may mga personal na pagsasanay para sa mga inspektor, klerk, at opisyal ng suporta sa field.

IV. MGA AKTIBIDAD PAGKATAPOS NG HALALAN – Puwedeng obserbahan ng publiko ang anumang proseso ng halalan

A. Canvass – Pagboto sa pamamagitan ng Koreo

Sisimulang iproseso ng ROV ang mga ibinalik na balota ng Pagboto sa pamamagitan ng Koreo, kung saan kabilang ang pagkuha at pagrepaso sa opisyal na balota mula sa sobre ng Pagboto sa pamamagitan ng Koreo, at pag-duplicate ng mga napinsalang balota, ayon sa kinakailangan, sa lalong madaling panahon na pinapayagan ng batas. Ang mga balotang ibinalik at na-validate bago ang Biyernes bago ang Araw ng Halalan ay kasama sa mga paunang resulta ng gabi ng halalan na inilalabas kaagad pagkalipas ng 8:00 p.m.

Ang bawat ibinalik na sobre ng balota ng Pagboto sa pamamagitan ng Koreo ay ipinoproseso sa tulong ng isang tagaayos ng sulat na nagsisimula ng proseso ng pag-verify ng lagda. Sa prosesong ito, kinukunan ng larawan ang sobre na may lagda ng botante para maihambing ng kawani ang lagda sa sobre sa lagda sa pagpaparehistro ng botante o iba pang pansuportang dokumentasyon. Kung nakalimutan ng botanteng lagdaan ang kanyang return envelope, o hindi magkamukha ang kanyang lagda at ang (mga) lagda ng botante sa kanyang file ng botante, magpapadala ng sulat at form sa botante na may return envelope na may bayad na selyo, na humihiling ng na-update na lagda.

Kapag natukoy nang valid ang isang lagda, ia-update ang status ng botante at magiging available sa [Paghahanap ng Balota ng Pagboto sa pamamagitan ng Koreo](#). Ihahatid ang mga sobre ng balota sa warehouse sa site kung saan ie-extract ng kawani ang balota mula sa mga sobre ng pagkakakilanlan gamit ang isang naka-automate na proseso, na magma-maximize sa privacy ng botante. Pagkatapos ng pag-extract, ililipat ang mga balota sa silid para sa pagpoproseso kung saan susuriin ng mga team ang mga balota para tingnan kung may pinsala at ihahanda ang mga ito para sa pag-tabulate. Ang mga napinsalang balotang hindi tumatakbo sa mga tabulator ay ire-reproduce ng dalawang team. Ang mga duplicate na balota ay magkakaroon ng watermark, at ang mga orihinal at na-duplicate na balota ay papanatilihin kasama ng ibang materyal sa halalan para sa kinakailangang panahon ng pagpapanatili at lalagyan ng label na gaya ng VBM, Military, atbp.

Pagkatapos iproseso, ang mga card ng balota ay ipapadala naman sa pamamagitan ng mga tabulator. Ang mga na-scan na larawan ng balota ay puwedeng ipadala sa paghatol kung saan susuriin ng dalawang tao ang mga larawan ng balota para matukoy ang layunin ng botante sa pamamagitan ng pagrepaso sa mga hindi tiyak na marka, mga oval na hindi maayos na nakulayan, mga pagkakamali, at mga isinulat. Ang sinumang kandidatong kuwalipikadong isulat ay ilalagay sa programa ng paghatol bago ang simula ng pagpoproseso/paghatol sa balota at makikita ito sa isang drop-down na kahon para sa pagpili ng naaangkop na kandidato ng pangkat ng paghatol. Kung may tanong sa isang partikular na balota na nangangailangan ng mas mataas na antas ng pagrepaso, ika-"quarantine" ng pangkat ng paghatol ang balota. Pagkatapos, ang mga naka-quarantine na balota ay susuriin ng Information Systems Coordinator ng Departamento para sa pinal na desisyon.

Pagkatapos ng tabulation, itatago ang mga papel na balota sa isang naka-secure na silid nang may mga surveillance camera na 24 oras gumagana at puwede itong suriin kahit kailan sa panahon ng sertipikasyon at muling pagbibilang.

Buong sikap na kumikilos ang ROV para protektahan ang integridad ng proseso ng pagboto habang tinitiyak ang katumpakan at privacy ng botante. Kailangan ng oras para tiyaking makakapag-cast ng isang balota ang bawat kuwalipikadong mamayan sa bawat halalan; pana-panahong ia-update ang mga resulta sa buong panahon ng pag-canvass. Puwedeng tingnan ng mga botante ang status ng kanilang balota sa webpage na [My Voter Status Lookup \(Paghahanap ng Status Ko Bilang Botante\)](#), makipag-ugnayan sa Tanggapan ng ROV sa (707) 565-6800, o mag-sign up para sa pagsubaybay sa balota sa [wheresmyballot.sos.ca.gov](#). Ang mga botanteng walang access sa internet at na gustong mag-sign up para sa pagsubaybay sa balota ay puwedeng makipag-ugnayan sa Tanggapan ng ROV sa (707) 565-6800 para sa tulong sa pag-sign up.

B. Canvass - Mga Vote Center

Bawat gabi, ibabalik ng kawani ng Vote Center ang mga nakalaang materyal sa mga Receiving Center kung saan nakatalaga ang mga ito. Kokolektahin ng kawani ng Receiving Center ang mga materyal mula sa mga poll worker at titiyakin nilang nabilang ang lahat. Pagkatapos, ibabalik ng mga kawani ng Receiving Center ang mga materyal sa Tanggapan ng ROV mula sa mga Vote Center kung saan nakatalaga ang mga ito. Ang lahat ng bag na may asul na label na naglalaman ng mga balota ng Pagboto sa pamamagitan ng Koreo, ang A box na naglalaman ng mga balota mula sa personal na pagboto, ang bag na may pink na label na naglalaman ng balota ng Kundisyonal na Pagpaparehistro ng Botante at mga Probisyonal na balota (mga pink na sobre), ang bag na may dilaw na label na naglalaman ng mga nasirang balota at mga isinaoling balota ng VBM, at ang bag na may puting label na naglalaman ng lahat ng araw-araw na roster, ay sinusuri ng kawani ng ROV, at itinatala at binibilang ang mga ito. Ang angumang bag na nawawala ay iuulat sa Lead Storekeeper. Kasama sa mga nabotohang balota sa Vote Center sa A box ang isang kompletong Sertipiko ng Pagpapakete at Pagseselyo (Certificate of Packaging and Sealing) para i-verify ang pagkakasunod-sunod ng kustodiya. Walang personal na impormasyon ng botante ang iiwan nang magdamag sa mga Vote Center.

Bawat gabi, ipoproseso ng ROV ang lahat ng balota mula sa personal na pagboto mula sa mga Vote Center. Kung iuulat ng Vote Center na napupuno na ang kanilang (teal na) ballot box para sa personal na pagboto, maghahatid ng karagdagang ballot box at serialized na lock ang isang Opisyal ng Suporta sa Field sa Vote Center, para matiyak na secure ang lahat ng nabotohang balota mula sa personal na pagboto.

Ang mga balota ng Kondisyonal na Pagpaparehistro ng Botante at probisyonal na balota na binotohan sa isang Vote Center o sa Tanggapan ng ROV ay inisyal na ipoproseso sa pamamagitan ng pagkumpirma sa kuwalipikasyon ng botante. Kapag nakumpirma na, ipoproseso ang pagpaparehistro ng botante at ie-extract, ipoproseso, at ita-tabulate ang balota tulad ng lahat ng iba pang balota. Ang mga balotang ito ay kasama sa mga pinal na opisyal na resulta.

C. 1% Manual na Tally

Para matiyak na nagta-tabulate nang wasto ang mga scanner ng balota, nagsasagawa ang ROV ng manual na pag-tally sa 1% ng lahat ng batch ng Pagboto sa pamamagitan ng Koreo at batch ng Vote Center sa County ng Sonoma pagkatapos ng bawat halalan. Random na pinipili ang mga batch sa simula ng manual na pag-tally. Isinasagawa ang manual na pag-tally para sa mga balota ng Pagboto sa pamamagitan ng Koreo at mga balota ng Vote Center na na-tabulate sa Araw ng Halalan.

SEKSIYON 2: PLANO SA EDUKASYON AT OUTREACH PARA SA BOTANTE

I. PANGKALAHATANG-IDEA

Inaatas ng Voter's Choice Act (VCA) ng California sa County na gumawa ng Plano sa Edukasyon at Outreach para sa Botante (Voter Education and Outreach Plan) na naghahatid ng transparency at nagbibigay ng impormasyon sa mga botante sa lahat ng aspekto ng VCA. Kabilang dito ang mga serbisyo at impormasyong available sa mga lokasyon ng Vote Center at Opisyal na Drop Box ng Balota, at impormasyong partikular sa mga botanteng may mga kapansanan at botanteng gumagamit ng wika ng minorya.

Gaganapin ang mga pampublikong pagpupulong kasama ng mga organisasyon sa komunidad at indibidwal na nagtataguyod sa ngalan ng, o nagbibigay ng mga serbisyo sa, mga komunidad ng may kapansanan at gumagamit ng wika ng minorya. Ang Registrar ng Mga Botante (Registrar of Voters o ROV) ng County ng Sonoma ay magsasagawa ng maraming pampublikong pagpupulong para sa konsultasyon. Ang mga pagpupulong ay accessible sa Americans with Disabilities Act (ADA). Bubuuin ang nilalaman at pagmemensahe ng mga event nang may input mula sa mga komite ng LAAC at VAAC.

Maitatanghal ng planong ito ang mga layunin sa outreach ng ROV para maging handang ipagpatuloy ang paggamit ng modelo ng pagboto ng VCA para sa mga halalan sa 2024 at sa mga susunod pa. Maglalathala ng isang listahan ng mga paparating na event sa [website ng ROV](#). Para sa mga karagdagang event, idea para sa mga pagkakataon sa outreach, o rekomendasyon para pahasayin ang Plano sa Pangangasiwa ng Halalan na ito, mangyaring mag-email sa rov-info@sonoma-county.org. Isusumite ang planong ito sa Tanggapan ng Kalihim ng Estado para sa pagrepaso at ganap na pag-apruba. Gayunpaman, tatanggapin kahit kailan ang feedback kaugnay ng planong ito at mga pagsisikap ng ROV sa hinaharap.

II. OUTREACH PARA SA BOTANTE AT KOMUNIDAD

A. Pagmemensahe sa 2024

Itinatag ng ROV ang mga sumusunod na punto ng pagmemensahe na magiging karaniwang paksa sa lahat ng materyal para sa materyal ng outreach at edukasyon:

Pangunahing Halalan para sa Pagkapangulo 2024:

- Bumoto nang maaga para makaiwas sa mga pila
- Bayad ang selyo ng mga return envelope ng Pagboto sa pamamagitan ng Koreo
- Mag-sign up para subaybayan ang inyong balota sa wheresmyballot.sos.ca.gov
- Hanapin ang listahan ng mga Vote Center, at ang mga petsa at oras ng pagboto, pati na rin ang mga Opisyal na Drop Box ng Balota sa aming website sa SoCoVotes.com
- Suriin ang status ng inyong pagpaparehistro
- Gamitin ang accessible na online na Gabay sa Impormasyon ng Botante (Voter Information Guide o VIG) para suriin ang inyong mga materyal at sample na balota

- Impormasyon sa mga botanteng Walang Gustong Partido at cross-over na pagboto

Pangkalahatang Halalan 2024:

- Bumoto nang maaga para makaiwas sa mga pila
- Bayad ang selyo ng mga return envelope ng Pagboto sa pamamagitan ng Koreo
- Mag-sign up para subaybayan ang inyong balota sa wheresmyballot.sos.ca.gov
- Hanapin ang listahan ng mga Vote Center, at ang mga petsa at oras ng pagboto, pati na rin ang mga Opisyal na Drop Box ng Balota sa aming website sa SoCoVotes.com
- Suriin ang status ng inyong pagpaparehistro
- Gamitin ang accessible na online na Gabay sa Impormasyon ng Botante (Voter Information Guide o VIG) para suriin ang inyong mga materyal at sample na balota

Mga Espesyal na Halalan 2024 - TBD:

- Bumoto nang maaga para makaiwas sa mga pila
- Bayad ang selyo ng mga return envelope ng Pagboto sa pamamagitan ng Koreo
- Mag-sign up para subaybayan ang inyong balota sa wheresmyballot.sos.ca.gov
- Hanapin ang listahan ng mga Vote Center, at ang mga petsa at oras ng pagboto, pati na rin ang mga Opisyal na Drop Box ng Balota sa aming website sa SoCoVotes.com
- Suriin ang status ng inyong pagpaparehistro
- Gamitin ang accessible na Gabay sa Impormasyon ng Botante (Voter Information Guide o VIG) para suriin ang inyong mga materyal at sample na balota

Ipapalaganap ang mga puntong ito sa pamamagitan ng social media, mga partner, sa aming komunikasyon sa publiko, at sa aming mga flyer at handout na nagbibigay ng impormasyon. Itutuloy-tuloy ng ROV ang mga pagsisikap nito para matiyak na alam ng publiko kung paano magpaparehistro para makaboto, na makakalahok sila sa mga paparating na halalan, at na alam nila ang mga serbisyong available sa mga lokasyon ng Opisyal na Drop Box ng Balota at Vote Center.

Magtutukoy ang ROV ng karagdagang pagmemensahe pagkatapos suriin ang mga tanong at tawag ng botante, at feedback mula sa mga pagupulong ng komunidad.

Makikipagtulungan ang ROV sa mga organisasyon ng komunidad, ahensiya ng pamahalaan, paaralan, at iba pang grupo para palaganapin ang kaalaman tungkol sa modelo ng Vote Center. Isasama ito sa isang malawak na media campaign na inorganisa at ipinatupad sa tulong ng Team ng Mga Komunikasyon ng County ng Sonoma para magbigay ng balita at mga kuwento tungkol sa modelo ng pagboto sa media ng pagbabalita, radyo, social media, media na may access ang publiko, at mga anunsiyo ng serbisyo sa publiko (public service announcements o PSA).

Makikipagtulungan ang ROV sa mga organisasyon ng komunidad para makadalo sa mga event ng komunidad at mabigyan ang mga botante ng mga pagkakataon sa edukasyon at outreach.

May makikitang pangkalahatang timeline para sa Plano ng Pagkilos sa Komunikasyon sa Appendix F.

B. Mga Partner sa Komunidad

Ang ROV ay magbibigay ng impormasyon tungkol sa modelo ng Vote Center sa mga partner sa komunidad para makatulong sa outreach sa botante. Dadalo ang ROV sa mga event ng komunidad, magbibigay ng mga presentasyon sa mga organisasyon, at magsasanay ng mga interesadong indibidwal at grupo para makatulong sa edukasyon at outreach. May listahan ng mga partner sa komunidad sa Appendix A.

Puwedeng tumulong ang mga partner sa komunidad at ang pangkalahatang publiko sa iba't ibang paraan tulad ng:

- Pagbabahagi ng tumpak na impormasyon ng halalan na walang kinikilingang partido sa social media
- Pag-post ng impormasyon ng halalan at mga link sa aming website SoCoVotes.com sa newsletter o website ng komunidad
- Paglalagay ng mga flyer at handout sa mga tanggapan o lokasyong madalas puntahan ng publiko
- Pagtulong sa pamamahagi ng impormasyon, mga materyal, at mga brochure, kasama ang mga partikular na punto sa pagmemensahe ng halalan
- Paglahok sa aming mga event ng outreach sa komunidad
- Paglahok sa mga pagpupulong para sa pagpapayo sa pagmemensahe, mga alalahanin, o karaniwang tanong mula sa publiko
- Pag-imbita ng kinatawan ng halalan mula sa ROV para magbigay ng impormasyon sa halalan na walang kinikilingang partido sa mga kliyente, customer, miyembro, o residente

C. Matataas na Paaralan at Mas Mataas na Edukasyon

Magsasagawa ang ROV ng outreach sa mga lokal na mataas na paaralan kapag hiniling, para bigyan ng edukasyon ang mga mag-aaral tungkol sa proseso ng halalan. Patuloy na makikipagtulungan ang ROV sa mga lokal na kolehiyo sa buong County para magbigay ng impormasyon at mga resource tungkol sa proseso ng halalan, sa modelo ng Vote Center, at sa mga paparating na halalan sa pamamagitan ng mga presentasyon, event ng campus, at registration drive.

D. Network ng Indibidwal na Botante

Hindi limitado ang mga aktibidad sa outreach at edukasyon sa mga organisasyon. Ang mga indibidwal na botante ay puwedeng magsilbi bilang bahagi ng isang pansuportang network para bigyan ng impormasyon ang ROV ng County ng Sonoma tungkol sa mga hadlang sa pagboto at tumulong na magbigay ng mga solusyon para tiyakin ang malawakang kaalaman tungkol sa modelo ng Vote Center. Magbibigay ang ROV ng mga card ng Survey sa Karanasan ng Botante (Voter Experience Survey) sa mga Vote Center para makatanggap ng mga komento tungkol sa mga karanasan ng mga botante.

Kasama sa mga tanong sa survey ang kung bakit pinili ng botante ang isang partikular na Vote Center, kumusta ang kanilang pangkalahatang karanasan sa pagboto sa Vote Center, at ano sana ang mas nagpaganda sa kanilang karanasan.

Puwedeng ibahagi kahit kailan ang mga tanong o komento mula sa publiko sa pamamagitan ng pag-email sa rov-info@sonoma-county.org.

E. Mga Direktang Contact ng Botante

Magpapadala ang ROV sa koreo ng dalawang direktang postcard sa bawat rehistradong botante sa County ng Sonoma para ipagbigay-alam sa kanila ang tungkol sa modelo ng pagboto ng VCA.

Makakatanggap ang lahat ng rehistradong botante ng mga postcard sa bilingual na Ingles/Espanyol na format.

Kabilang sa nilalaman na makikita sa alinman sa dalawa, o sa parehong postcard ang:

- Mga serbisyong inaalok sa mga Vote Center
- Mga opsiyon sa pagbabalik ng iyong balota
- Toll free na hotline ng tulong sa botante ng ROV
- Paano makakuha ng balota sa accessible na format
- Mga available na serbisyo sa wika
- Paano suriin ang inyong pagpaparehistro
- Paano mag-sign up para sa pagsubaybay sa balota
- Bumoto nang maaga para makaiwas sa mga pila sa Araw ng Halalan

Unang Postcard: Ipapadala ang unang liham sa loob ng hindi bababa sa 55 araw bago ang Araw ng Halalan. Tutuon ang unang postcard sa pagpapaalala sa mga botanteng antabayanan ang pagdating ng kanilang balota ng Pagboto sa pamamagitan ng Koreo bago ang Araw ng Halalan. Depende sa cycle ng halalan, puwedeng kasama rin dito ang impormasyon tungkol sa cross-over na pagboto at mga botanteng Walang Gustong Partido.

Pangalawang Postcard: Ipapadala ang pangalawang liham sa loob ng humigit-kumulang 22 araw bago ang Araw ng Halalan. Ang postcard na ito ay nakatuon sa pagtukoy sa mga lokasyon ng Vote Center at Opisyal na Drop Box ng Balota, at mga iskedyul.

Kasama sa Appendix B ang mga Draft na Sample na postcard.

F. Mga Komiteng Tagapayo

Nagtatag ang ROV ng dalawang komiteng tutulong sa paggawa at pagpapatupad ng mga pagsisikap sa outreach at edukasyon ng Plano sa Pangangasiwa ng Halalan:

- Makikita ang misyon ng Komiteng Tagapayo sa Accessibility sa Pagboto (Voting Accessibility Advisory Committee o [VAAC](#)), at ang mga paparating na agenda sa webpage ng VAAC.
- Makikita ang misyon ng Komiteng Tagapayo sa Accessibility sa Wika (Language Accessibility Advisory Committee o [LAAC](#)), at ang mga paparating na agenda sa webpage ng LAAC.

Ang mga komiteng ito ay tutulong sa mga pangangailangan sa accessibility, wika, at komunidad at magpapayo sa ROV kaugnay ng iba't ibang aspeto ng Plano sa Edukasyon at Outreach para sa Botante.

Para sa higit pang impormasyon sa alinman sa mga komite, mangyaring mag-email sa rov-info@sonoma-county.org.

G. Mga Anunsiyo ng Serbisyo sa Publiko (Public Service Announcement o PSA) at Media

Makikipagtulungan ang ROV sa Team ng Mga Komunikasyon ng County para mag-draft at gumamit mga PSA sa mga visual at audio format, para ipaalam sa mga botante ang tungkol sa paparating na halalan at ang toll-free na hotline sa tulong sa botante ((800) 750-8683). Ipapamahagi ang mga PSA sa pamamagitan ng telebisyon, radyo, mga pahayagan, at social media, para maabot ang lahat ng botante, kasama ang mga botanteng may mga kapansanan at mga botanteng gumagamit ng wika ng minorya. Ibibigay ang mga PSA sa mga outlet na nakalista sa Appendix C. May pangkalahatang timeline para sa mga PSA at pakikipag-ugnayan sa iba pang media outlet sa Appendix F.

III. MGA SERBISYO SA BOTANTE

A. Mga Serbisyo para sa Mga Botanteng Limitado ang Kahusayan sa Ingles

Pagkatapos ng 2020 census, natukoy ang County ng Sonoma na inaatasang magbigay ng mga materyal ng halalan na isinalin sa Espanyol sa ilalim ng The Voting Rights Act ng 1965. Inaatasan din ng Batas ng Estado ang County na magbigay ng tulong sa wika at mga isinaling kopya ng opisyal na balota, na kilala rin bilang mga facsimile ballot, sa mga sumusunod na wika: Vietnamese, Tagalog, at Khmer.

1. *Pagtukoy ng Mga Botanteng Gumagamit ng Wika ng Minorya §4005(a)(10)(I)(i)(V)*
Tinutukoy ng ROV ang mga kagustuhan sa wika ng mga botante ayon sa tinukoy ng botante sa seksiyong “Opsiyonal na Impormasyon ng Botante (Optional Voter Information)” sa mga form sa pagpaparehistro ng botante. Ang mga botanteng gumagamit ng wika ng minorya ay puwede ring mag-email o tumawag sa ROV para ibigay ang kanilang kagustuhan sa wika, o ibalik ang postcard na may bayad na selyo sa likod ng Gabay sa Impormasyon ng Botante (Voter Information Guide o VIG) ng county. Ilalagay at itatabi ng ROV ang data na ito sa aming Sistema ng Pamamahala sa Halalan (Election Management System o EMS). Higit pa rito, makakatanggap ang ROV ng impormasyon tungkol sa mga komunidad na gumagamit ng wika ng minorya mula sa United States Census Bureau.
2. *Komiteng Tagapayo sa Accessibility ng Wika (Language Accessibility Advisory Committee)*
Itinatag ng ROV ang LAAC bilang isang komiteng tagapayo ng mamamayan para gumawa ng mga rekomendasyon para sa pagpapahusay ng access sa wika sa mga materyal sa pagboto at halalan. Ang LAAC ay idinisenyong magpayo at tumulong sa pagtugon sa mga kinakailangan sa wika na mandato ng estado. Makikipagtulungan ang ROV sa mga miyembro at partner sa komunidad ng LAAC para magbigay ng impormasyon sa mga botanteng may mga pangangailangan sa wika.

3. *Mga Pang-edukasyong Workshop*

Bilang bahagi ng mga pagsisikap nito sa outreach, ipapagpatuloy ng ROVE ang outreach nito sa mga botanteng gumagamit ng wika ng minorya. Makikipagtulungan ang ROV sa mga miyembro at partner sa komunidad ng LAAC para mabigyan ang mga botante ng tulong sa wika at mga pang-edukasyong workshop. Itataon ang iskedyul ng mga Workshop bago ang bawat pambuong estadong halalan. Isusumite ang mga imbitasyon sa mga workshop na ito sa pamamagitan ng email sa iba't ibang tao at organisayong nakaugnayan na tungkol sa potensiyal na membership sa aming LAAC at VAAC, o sa aming page sa Facebook, at sa tulong ng aming Team ng Mga Komunikasyon ng Tanggapan ng Tagapangasiwa ng County. Sa mga workshop na ito, ibibigay ng ROV ang sumusunod:

- Mga halimbawa ng mga isinaling facsimile ballot na may mga tagubilin para sa botante, na tinatawag ding Mga Gabay sa Pagsasalin ng Balota.
- Mga isinaling materyal ng VCA sa lahat ng wikang inaatas ng estado para sa County ng Sonoma.

4. *Media/Pag-advertise*

Iaanunsiyo sa mga press release na ipapamahagi sa buong County ng Sonoma ang toll-free na hotline ng tulong sa botante ((800) 750-8683) na nagbibigay ng tulong sa wikang Ingles at Espanyol. May available din na serbisyo ng interpretasyon ang ROV kung kailangan ng sinuman ng tulong sa wika na hindi Ingles o Espanyol. Ipapamahagi rin ang mga press release sa iba't ibang media outlet sa parehong Ingles at Espanyol, kasama ang Latino Service Providers, El Patron Radio, KBBF, Sonoma Media Investments, at La Voz Newspaper. Kasama sa Appendix C ang buong listahan ng mga partner na media.

5. *Mga Materyal sa Mga Alternatibong Wika*

Ang lahat ng materyal ng halalan mula sa ROV ay bilingual sa wikang Ingles/Espanyol, kasama ang mga opisyal na balota, return envelope, tagubilin sa pagboto, VIG ng county, at mga publication ng Vote Center at Opisyal na Drop Box ng Balota.

Ang mga facsimile ballot, na tinatawag na “Mga Gabay sa Pagsasalin ng Balota” sa County ng Sonoma, ay isinalin sa Vietnamese, Tagalog, at Khmer. Sa ilalim ng California Election Code 14201, dapat ipaskil ang mga facsimile ballot sa mga Vote Center sa mga tinukoy na wika kung napag-alamang 3% o higit pa ng grupong gumagamit ng wika ng minorya sa o sa paligid ng presinto ay may limitadong kahusayan sa Ingles. Alinsunod sa EC4005.6, ipinapadala ang mga facsimile ballot sa koreo sa mga botanteng tinukoy sa Sistema ng Pamamahala sa Halalan (Election Management System o EMS) na nangangailangan ng mga materyal sa pagboto sa wikang Vietnamese, Tagalog, o Khmer, bago ang pagbubukas ng mga Vote Center. Puwede ring makipag-ugnayan ang mga botante sa ROV para hilinging mapadalhan ng facsimile ballot sa pamamagitan ng pag-email sa rov-absentee@sonoma-county.org o pagtawag sa (707) 565-6800. Bukod dito, magkakaroon ng Mga Gabay sa Pagsasalin ng Balota sa bawat Vote Center at puwedeng humiling ng mga karagdagang kopya at ibibigay ito ng mga Opisyal ng Suporta sa Field ayon sa kinakailangan.

6. *Bilingual na Tulong sa Mga Vote Center*

Sa ilalim ng California Election Code 12303, dapat magsagawa ng makatwirang pagsisikap sa pagkuha ng mga bilingual na Opisyal ng Halalan sa mga itinalagang lokasyon sa buong County ng Sonoma kung saan ang 3% o higit pa ng populasyong nasa edad na puwede nang bumoto ay may limitadong kakayahan sa Ingles (mga botanteng ang pangunahing wika ay hindi Ingles). Ang impormasyon sa file ng botante gaya ng kagustuhan sa wika ay ginagamit para tukuyin ang mga lugar kung saan posibleng kailanganin ang bilingual na tulong. Ang impormasyon ng Census at American Community Survey, batay sa kung paano ito naaangkop sa Election Code 14201 at 12303, ay ginagamit para tukuyin ang mga presintong nakakatugon sa 3% threshold.

- Mga Grupong Tagapayo: Isasaalang-alang ng ROV ang feedback at mga suhestiyon sa mga lugar na baka mangailangan ng karagdagang tulong sa wika mula sa mga grupong tagapayo tulad ng LAAC ng County ng Sonoma.
- Mga Grupong May Adbokasiya: Kokonsulta ang ROV sa iba't ibang grupo at organisasyon ng komunidad na nagtataguyod ng access sa wika sa buong County ng Sonoma. Inaasahan naming tutulong ang mga grupong ito sa ROV sa pagtukoy ng mga populasyong gumagamit ng wika ng minority sa County ng Sonoma.

Ang mga Vote Center na nangangailangan ng tulong sa wika ay tinukoy ng Kalihim ng Estado ng California sa pamamagitan ng data ng Census ng U.S. Ang isang listahan ng tulong sa wika na available sa bawat Vote Center ay ipi-print sa Gabay sa Impormasyon ng Botante (Voter Information Guide o VIG) ng County at available ito sa website ng ROV. Isasaalang-alang ang karagdagang pangangailangan para sa tulong sa wika sa pamamagitan ng proseso ng input ng publiko, kasama ang input na ibinigay ng LAAC ng County.

Magsisikap ang ROV na kumuha ng kahit man lang isang Opisyal ng Halalan na nakakapagsalita ng wikang Espanyol para sa bawat Vote Center para makapagbigay ng tulong sa wika. Kung ang isang Vote Center ay nasa, o katabi ng, isang presinto na may mga kinakailangan sa wika na Vietnamese, Tagalog, o Khmer, gagawin ng ROV ang lahat ng makakaya nito para kumuha ng mga Opisyal ng Halalan na mahusay gumamit ng wikang Ingles at ng wikang iyon. Ibibigay rin ng ROV ang Serbisyong Tagasalin sa Telepono (Telephone Interpreter Service) na inaalok sa pamamagitan ng Kalihim ng Estado ng California na magagamit ng mga Opisyal ng Halalan para tumawag at makipag-usap sa isang live na tagasalin na tutulong sa pakikipag-ugnayan sa mga botante sa marami pang wika. Sa wikang Ingles at Espanyol lang ibinibigay ang nilalaman ng balota at audio sa accessible na device sa pagmamarka ng balota.

B. Mga Botanteng may mga Kapansanan

Nakatuon ang ROV sa pakikipagtulungan sa mga botanteng may mga kapansanan para pataasin ang accessibility sa demokratikong proseso. Ang website ng ROV ay nagbibigay ng pangkalahatang impormasyon tungkol sa mga pagsisikap na ito at sa mga resource na available sa mga botanteng may mga kapansanan, kasama ang sistema ng Malayuang Accessible na Pagboto sa pamamagitan ng Koreo, mga serbisyo sa may kapansanan na available sa mga Vote Center, at pagiging available ng mga

materyal ng halalan sa mga alternatibong format (tingnan ang pahina 18 para sa higit pang impormasyon). Hinihikayat ang mga botante na makipag-ugnayan sa ROV para sa mga partikular na kahilingan sa tulong sa pamamagitan ng pag-email sa rov-info@sonoma-county.org, o sa pamamagitan ng pagtawag sa Tanggapan ng ROV sa (707) 565-6800. May kompletong listing ng mga accessible na opsiyon sa pagboto at tulong sa [website ng ROV](#). Magbibigay din ang county ng accessible na online na Gabay sa Impormasyon ng Botante (Voter Information Guide) na kinabibilangan ng isang sample na balotang maa-access ng botanteng may mga kapansanan para suriin at i-print.

1. *Komiteng Tagapayo sa Accessibility ng Pagboto*

Itinatag ng ROV ang VAAC bilang isang komiteng tagapayo ng mamamayan para gumawa ng mga rekomendasyon para sa pagpapahusay ng access sa mga materyal ng pagboto at halalan habang tumutulong na tukuyin at alisin ang mga harang. Ang VAAC ay idinisenyo para magbigay ng payo at tumulong sa pagtitiyak sa lahat ng botante sa County ng Sonoma na makakaboto sila nang independiyente at pribado. Makikipagtulungan ang ROV sa mga miyembro at partner sa komunidad ng VAAC para magbigay ng impormasyon at mga opsiyon sa alternatibong pagboto sa mga botanteng may mga kapansanan.

2. *Mga Pang-edukasyong Workshop*

Ang mga workshop ay magtatampok ng demonstrasyon ng mga accessible na opsiyon sa pagboto ng ROV, kasama ang sistema ng Malayuang Accessible na Pagboto sa pamamagitan ng Koreo (Remote Accessible Vote by Mail o RAVBM) at ang accessible na device sa pagmarka ng balota (ICX) sa mga Vote Center. Itataon ang iskedyul ng mga Workshop bago ang bawat pambuong estadong halalan. Isasagawa ang pag-advertise sa mga workshop na ito sa social media, sa tulong ng team ng mga komunikasyon ng Tanggapan ng Tagapangasiwa ng County, at sa pamamagitan ng mga pinagkakatiwalaang partner ng komunidad. Sa mga workshop na ito, ibibigay ng ROV ang sumusunod:

- Aplikasyon para sa Malayuang Accessible na Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo
- Isang demonstrasyon ng interface at audio ng RAVBM
- Mga flier na nagbibigay ng impormasyon kaugnay ng accessible na pagboto
- Isang demonstrasyon ng Device sa Pagmarka ng Balota ng ICX, na may mock ballot
- Pagtalakay sa pagiging available ng mga materyal sa mga alternatibong format (malaking print, mga audio na bersyon ng mga panukala sa balota, accessible na Gabay sa Impormasyon ng Botante ng County), at pagiging available ng mga alternatibong format para sa mga materyal ng halalan ng estado.

3. *Media/Pag-advertise*

Ipapamahagi ang mga press release sa buong County ng Sonoma para ianunsiyo ang toll-free na hotline ng tulong sa botante ((800) 750-8683) na nagbibigay ng tulong sa wikang Ingles at wikang Espanyol. May nakalaang linya ng Telecommunications Device for the Deaf (TDD) sa (707) 565-6888. Nagbibigay-daan ito sa mga botanteng bingi, may problema sa pandinig, o may problema sa pagsasalita, na gamitin ang

telepono para makipag-ugnayan sa kawani ng ROV. Isasama rin sa mga press release sa hinaharap ang numero ng telepono ng TDD at availability ng mga serbisyo ng interpreter sa telepono.

Ang mga pangunahing print at online na media outlet, tulad ng Sonoma Media Investments (sumasaklaw sa maraming print at online na platform sa biong County, kasama ang Press Democrat), Kenwood Press, Bodega Bay Navigator, Bay Area News Group, Sonoma West Times, at mga istasyon sa radyo na sumasaklaw sa County, ay gagamitin hangga't posible para sa pamamahagi ng press release. Ang County ng Sonoma ay walang nakalaang news outlet sa TV pero magbibigay ito ng mga press release sa mga media outlet sa TV kung saan karaniwang nakikipagtulungan ang Communications Team ng County kasama ang ABC7, KGO, KPIX, KRON, KSRO, KSVY, at KTVU.

Ang mga naka-print na materyal ay magbibigay ng payo sa mga botante kaugnay ng mga accessible na opsiyon sa balota.

Puwedeng gumamit ang ROV ng tulong at mga rekomendasyon sa kung paano pinakamahusay na maaabot ang mga botanteng may mga kapansanan. Mag-email sa rov-info@sonoma-county.org para sa mga idea sa media.

4. *Mga Materyal sa Mga Alternatibong Format*

Ang mga botanteng may mga kapansanan ay puwedeng kumuha ng mga materyal ng halalan sa mga alternatibong format. Ang ROV ay maghahanda ng Gabay sa Impormasyon ng Botante (Voter Information Guide o VIG) ng County para sa bawat halalan na kinabibilangan ng impormasyon tungkol sa proseso ng Pagboto sa pamamagitan ng Koreo pati na rin mga tagubilin sa paggamit ng sistema ng Malayuang Accessible na Pagboto sa pamamagitan ng Koreo (Remote Accessible Vote by Mail system o RAVBM). Available ang VIG sa malaking print at bilang online na portable document format (pdf) file. Bukod dito, puwedeng bumisita ang mga botante sa aming website para i-access ang isang online na bersyon ng VIG na compatible sa mga screen reader, pati na rin ng simpleng balota. Puwedeng humiling ng mga VIG sa malaking print at mga audio version ng mga panukala sa balota sa pamamagitan ng pag-email sa rov-info@sonoma-county.org o pagtawag sa Tanggapan ng ROV sa (707) 565-6800.

May kompletong listahan ng kung paano i-access ang impormasyon sa mga alternatibong format sa [website ng ROV](#).

5. *Malayuan at Accessible na Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo (Remote Accessible Vote by Mail o RAVBM)*

Inaatasan ang lahat ng county na magbigay ng accessible na opsiyon sa Pagboto sa pamamagitan ng Koreo na magagamit ng sinumang botante, pero posibleng partikular na maging kapaki-pakinabang para sa mga botanteng may mga kapansanan dahil sa mga feature ng accessibility nito. Nagbibigay-daan ang sistemang ito sa mga botante na i-access ang kanilang tamang balota online gamit ang sarili nilang device, tulad ng personal computer, at markahan ang mga pipiliin nila, na may mga opsyong gamitin ang sarili nilang assistive technology. Kapag

namarkahan na ang mga pinili sa balota, kailangan ng botante na i-print out ang mga pinili at ibalik ang balota ng RAVBM. Puwedeng ibalik ang mga balota ng RAVBM gamit ang parehong mga paraan sa pagbabalik ng regular na papel na balota ng Pagboto sa pamamagitan ng Koreo. May impormasyon kaugnay ng proseso ng RAVBM sa [website ng ROV](#).

Puwedeng humiling ang isang botante ng balota ng Pagboto sa pamamagitan ng Koreo sa isang accessible na format sa pamamagitan ng pagbabalik ng form para sa kahilingan na may bayad na selyo sa cover sa likod ng kanilang Gabay sa Impormasyon ng Botante ng County o pagkompleto sa online na form sa [website ng ROV](#).

Ang mga botanteng pipiliing gumamit ng sistemang ito ay dapat na may access sa isang email address, computer na may koneksiyon sa internet, at printer para i-print out ang kanilang mga pinili sa balota. Ida-download at ipi-print ng mga botanteng gumamit ng RAVBM ang isang template ng sobre mula sa sistema ng RAVBM, o puwede silang humiling ng kapalit na sobre sa pamamagitan ng pagtawag sa Tanggapan ng ROV sa (707) 565-6800.

Ang lahat ng sobre ay dapat lagdaan o markahan ng isang nakakapagtukoy na marka ng botante para mabilang ang balota. Kung mamarkahan ng isang botante ang sobre, tulad ng "X," dahil hindi sila makalagda dahil sa kapansanan, dapat lagdaan ng ibang taong 18 taong gulang pataaas ang sobre bilang saksi sa marka ng botante. Kung nakalimutan ng botanteng lagdaan ang kanyang return envelope, o hindi magkamukha ang kanyang lagda at ang (mga) lagda ng botante sa kanyang file ng botante, magpapadala ng sulat at form sa botante na may return envelope na may bayad na selyo, na may mga tagubilin at deadline para sa pagbabalik ng form.

Para i-verify na nakatanggap ang ROV ng balota, puwedeng tumawag ang botante sa Tanggapan ng ROV, puwede siyang bumisita sa website ng Kalihim ng Estado ng California at mag-click sa [My Voter Status \(Aking Status Bilang Botante\)](#), o puwede siyang mag-sign up para sa pagsubaybay sa balota sa [wheresmyballot.sos.ca.gov](#). Ang mga botanteng walang access sa internet at na gustong mag-sign up para sa pagsubaybay sa balota ay puwedeng makipag-ugnayan sa Tanggapan ng ROV sa (707) 565-6800 para sa tulong sa pag-sign up.

6. *Accessibility ng Vote Center*

Pipiliin ang mga Vote Center at lokasyon ng Opisyal na Drop Box ng Balota gamit ang mga alituntunin ng ADA mula sa Checklist para sa Accessibility ng Polling Place. Gagamitin ang mga checklist na ito para tukuyin ang mga accessible na lokasyon. Kung may makitang harang na dahilan para hindi makapasok ang isang tao sa Vote Center o hindi magamit ang isang Opisyal na Drop Box ng Balota, hindi gagamitin ang lokasyon. Ang anumang tanong kaugnay ng pisikal na access sa isang Vote Center o lokasyon ng Opisyal na Drop Box ng Balota ay puwedeng idirekta sa Tanggapan ng ROV sa pamamagitan ng pag-email sa rov-info@sonoma-county.org o pagtawag sa (707) 565-6800.

Ang lahat ng Vote Center ay may mga magnifying glass, pen grip, at kahit man lang isang booth sa pagboto para sa pagmarka ng papel na balota kung saan kasya ang

isang upuan o wheelchair. Bukod dito, magkakaroon ng kahit man lang tatlong accessible na device sa pagmarka ng balota (ICX) na nakaposisyon sa paraang magagamit mula sa upuan o wheelchair. Sa isang Vote Center, puwedeng gamitin ng sinumang botante ang mga accessible na device sa pagmarka ng balota na ito para markahan ang kanilang balota sa independiyente at pribadong paraan. Pagkatapos mag-check in sa Opisyal ng Halalan, bibigyan ang mga botante ng Voter Access Card na magpo-populate sa accessible na device gamit ang kanilang balota. Puwedeng markahan ang balota gamit ang touchscreen display, ang ibinigay na handheld na controller na may braille, o gamit ang saril nilang assistive technology. Kabilang sa mahahalagang feature ang:

- Isang touchscreen na tablet, na may opsiyong baguhin ang laki ng text at contrast sa tablet
- Isang handheld na controller na may Braille (kilala rin bilang audio tactile interface)
- Headphones at mga audio na tagubilin sa wikang Ingles o Espanyol, batay sa pipiliin ng botante
- Isang privacy mask, para sa mga botanteng hindi gagamit ng touchscreen, gagawing itim ang screen para tiyaking mapapanatiling pribado ang kanilang mga boto
- Ang kakayahan ng mga botanteng gamitin ang sarili nilang Paddle o Sip and Puff na assistive device

Hindi tina-tabulate o binibilang ng machine na ito ang anumang pagboto. Kapag natapos na ang pagmarka sa kanilang balota, dapat i-print out ng botante ang mga pinili niya at ilagay ang naka-print na balota sa ballot box. Walang impormasyon ng botante ang itatago sa anumang device sa pagmamarka ng balota, na nagtitiyak na papanatiliing kumpidensiyal at pribado ang lahat ng balota.

Ang sinumang botanteng walang kakayahang pisikal na pumasok sa isang Vote Center ay may opsiyong humiling ng pagboto sa labas ng poll area (curbside voting). Puwedeng tumawag ang mga botante sa Vote Center sa numero sa call box sa Vote Center, o papasukin ang ibang taong kasama nila sa Vote Center para humiling. Maghahatid ang kawani ng Vote Center ng balota sa sasakyan nila, kasama ng mga materyal sa pagboto at isang curbside roster para sa pagkuha ng lagda ng botante. Para humiling ng pagboto sa labas ng poll area (curbside voting) sa Tanggapan ng ROV, puwedeng makipag-ugnayan ang mga botante sa Tanggapan ng ROV sa rov-info@sonoma-county.org o (707) 565-6800. Ang Tanggapan ng ROV, na makikita sa 435 Fiscal Drive, sa Santa Rosa, ay magkakaroon ng accessible na device sa pagmarka ng balota na magagamit simula sa 29 na araw bago ang Araw ng Halalan, pati na rin bilang mga opsiyon sa pagboto sa labas ng poll area (curbside voting).

7. *Mga Opsiyon sa Pagkuha ng Balota o mga Opsiyon sa Pagpapalit ng Balota*

Ang bawat rehistradong botante ng County ng Sonoma ay papadalhan sa koreo ng balota ng Pagboto sa pamamagitan ng Koreo (Vote by Mail o VBM) sa loob ng hindi bababa sa 29 na araw bago ang Araw ng Halalan. Ang sinumang botante ay puwedeng humiling ng kapalit na balota para sa anumang dahilan at puwede silang tumawag sa Tanggapan ng ROV sa (707) 565-6800 para sa higit pang impormasyon.

8. *Pagpapahintulot sa isang Kinatawan na Kumuha ng Balota ng Pagboto sa pamamagitan ng Koreo para sa Botante*

Puwedeng ipakuha ng botante sa ibang tao ang kanyang balota ng Pagboto sa pamamagitan ng Koreo mula sa tanggapan ng ROV, para sa anumang dahilan. Magagamit ang mga pamamarang ito anumang oras sa loob ng yugto ng panahon ng halalan. Magkakaroon ng detalyadong impormasyon kaugnay ng kung paano magpadala ng kinatawan para kumuha ng balota sa ngalan ng isang botante sa website ng ROV, o sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Tanggapan ng ROV sa (707) 565-6800. Maisasagawa lang ang mga naturang kahilingan sa Tanggapan ng ROV.

Dapat markahan ng botante ang balota, ilagay ito sa asul na return envelope, at punan at lagdaan ang sobre. Puwedeng personal na ibalik ang balota o sa pamamagitan ng awtorisadong kinatawan, sa Tanggapan ng Registrar ng Mga Botante, sa pamamagitan ng koreo, sa anumang Opisyal na Drop Box ng Balota, o sa anumang Vote Center sa loob ng County ng Sonoma bago magsara ang mga poll.

IV. PAGTUGON SA MGA PUWANG SA PAGLAHOK

Layunin ng ROV at ng County ng Sonoma na tiyaking may patas na access sa ballot box para sa lahat ng kuwalipikadong mamayan, ayon sa tinukoy ng batas. Gagawin ng ROV ang lahat ng makakaya nito para makadalo sa mga event, makapag-alok ng mga presentasyon, at makapagbigay ng impormasyon sa mga lugar na naitalang may mababang turnout ng botante, kapag hiniling. Magbibigay ang ROV ng impormasyon ng halalan sa mga care home, ospital, sa Departamento ng Kalusugan ng Pag-iisip (Mental Health Department) ng County ng Sonoma, sa Departamento ng Sheriff (Sheriff's Department) ng County ng Sonoma, mga tanggapan ng Militar, at mga tanggapan ng Pasaporte. Ipapadala ang mga materyal sa pamamagitan ng email at magsasama ito ng impormasyon tungkol sa kung paano humiling ng mga form para sa pagpaparehistro ng botante at iba pang impormasyon, link sa aming website para suriin ang iyong EAP, at aming impormasyon sa pakikipag-ugnayan kung sakaling sila o ang kanilang mga kliyente ay may mga tanong.

A. Pagpaparehistro para Makaboto

Ang mga kuwalipikadong residente ng County ng Sonoma ay puwedeng magparehistro para bumoto online nang direkta sa website ng Kalihim ng Estado: registertovote.ca.gov, o i-access ang website para sa pagpaparehistro ng botante ng estado gamit ang isang link mula sa [website ng ROV](#). Puwede ring kumuha ang mga residente ng form para sa pagpaparehistro ng botante sa Tanggapan ng ROV, mga City Hall, aklatan, post office, at karamihan ng mga tanggapan ng pamahalaan sa buong County. Ang mga ahensiya ng County ng Sonoma na naghahatid ng serbisyo sa mga sambahayang may mababang kita at sa mga indibidwal na may mga kapansanan ay nagbibigay ng mga form para sa pagpaparehistro ng botante sa kanilang mga kliyente. Ang Departamento ng mga De-motor na Sasakyan (Department of Motor Vehicles o DMV) at Kalhim ng Estado (Secretary of State o SOS) ay may itinatag na California Motor Voter Program ayon sa tinukoy sa AB 1461. Sa panahon ng mga transaksyon ng DMV, awtomatikong irerehistro ng programang ito ang sinumang taong kuwalipikadong bumoto maliban kung piliin ng taong iyon na huwag

magparehistro. Magpapadala rin ang ROV ng form para sa pagpaparehistro kapag hiniling.

Ang ROV ay magbibigay ng mga resouce ng at pagsasanay sa National Voter Registration Act (NVRA) sa mga ahensiya ng County na naghahatid ng serbisyo sa mga residenteng may mababang kita at mga indibidwal na may mga kapansanan, kapag hiniling.

B. Pangongolekta at Pagrepaso ng Data

Pagkatapos ng bawat halalang isinagawa sa ilalim ng VCA, susuriin ng ROV ang mga komentong natanggap mula sa mga botante at manghihingi ito ng input mula sa LAAC, VAAC, at mga partner sa komunidad sa nakolektang data alinsunod sa California Election Code 4005. Magsasagawa ang ROV ng mga makatwirang pagsisikap para matugunan ang malalaking pagkakaiba-iba na natukoy sa bawat item.

Para matugunan ang mga natukoy na puwang sa pakikilahok ng botante, nakatuon ang ROV sa mga sumusunod:

- Pagkuha at pag-inspeksiyon sa mga potensiyal na lokasyon sa komunidad na makakapagtaguyod ng isang accessible na Vote Center
- Makipagkita sa mga ahensiyang nagbibigay ng mga serbisyo sa komunidad, kabilang ang pero hindi limitado sa Becoming Independent, Disability Services and Legal Center, Council on Aging, YM/YWCA, kapag hiniling para magbigay ng impormasyon ng botante, mga form para sa pagpaparehistro ng botante, at mga flyer/poster para sa mga halalan

Bukod dito, kikilos ang ROV para tukuyin ang iba't ibang lugar sa County ng Sonoma kung saan ang turnout ng pakikilahok ng botante ay mas mababa kaysa sa average para sa County. Gagamitin ng ROV ang data na ito para pataasin ang antas ng pag-advertise sa mga partikular na lugar, pati na rin ang iba pang community hub para makatulong sa pag-advertise at pagpapalaganap ng impormasyon ng halalan.

V. BADYET

Inaatas ng VCA ang malawak na pagbibigay ng edukasyon at outreach sa botante tungkol sa proseso ng pagboto ng modelo ng Vote Center. Ang layunin ng ROV ay dagdagan ang pagpaparehistro, pakikilahok, at turnout ng mga botante.

Ang ROV ay nagbibigay ng in-house na suporta para sa paghahanda ng mga materyal ng outreach, presentasyon sa publiko, at outreach event sa komunidad. Hindi kasama sa badyet ang pagbili ng mga advertisement sa telebisyon, radyo, mga pahayagan, at social media sa nakaraan, pero kakailanganin itong isama para sa outreach kaugnay ng Modelo ng Pagboto ng VCA. Magkakaroon ng mga gastusin sa pag-print at selyo para sa mga direktang pagpapadala sa koreo para sa mga rehistradong botante.

Makikita ang impormasyon ng badyet para sa edukasyon at outreach sa Appendix D. Kung magbibigay ng karagdagang pera para sa mga pagsisikap sa edukasyon at outreach para sa botante, ia-update ang Appendix para maipakita ang anumang pagbabago o pagdaragdag.

Gumamit ang County ng Sonoma ng modelo ng pagboto na parang VCA para sa Halalan

sa Pagkapangulo noong Nobyembre 2020, dahil sa ipinatupad na batas na partikular sa halalang iyon. Nagbigay-daan ito sa ROV na gumamit ng grant para bumili ng mga Mobile na Printer ng Balota (Mobile Ballot Printer o MBP), mga transport cart para sa mga ito, mga printer ng label na gagamitin sa paggawa ng mga natapos na pinagsamang roster ng mga botante, at mga Cradlepoint router na nakahiwalay sa internet para tiyakin ang konektibilidad sa database ng botante na sasaklaw sa 30 Vote Center. Para sa mga laptop na pang-check in o pang-roster ng botante, gumamit ang ROV ng mga laptop na nabili na dati para sa Programang Modernisasyon ng Device (Device Modernization Program) ng Tagasuri na ipinahiram sa amin para sa Halalan noong Nobyembre 2020. Bumili rin kalaunan ang ROV ng mga bagong laptop para sa mga pag-check in ng botante sa mga susunod na halalan, na nakalaan sa ROV. Kinailangan din ng ROV na bumili ng kagamitan para sa higit sa isang Vote Center, dahil sa dumaming pagpaparehistro, at back-up na kagamitan para matiyak na makakapag-deploy ng kapalit na kagamitan ayon sa kinakailangan, kung may anumang kagamitang pumalya sa panahon ng anumang halalan. Tinatantiya ng ROV na walang matitipid sa gastusin ng modelo ng VCA dahil sa inaasahang gastusin sa outreach, mga pagpapadala sa koreo, suporta sa Vote Center at overtime para sa mga pansamantalang empleyado, pagtaas ng mga sahod ng Poll Worker, suporta sa IT at konektibilidad sa mga Vote Center, at pansamantalang kawaning maghahatid ng serbisyo sa mga Opisyal na Drop Box ng Balota.

APPENDIX A: MGA EVENT AT PARTNER NG KOMUNIDAD

Makikilahok ang ROV sa maraming kilalang taunang event. Kabilang ang mga ito sa chart na makikita sa ibaba. Habang nadaragdagan ang mga event, ia-update ang mga ito at ibibigay sa [website ng ROV](#).

Mga Event ng Komunidad

Petsa	Pamagat ng Event
Umuulit/Tagsibol -Tag-init - taon-taon	Wednesday Night Markets
Tagsibol – may posibilidad na taon-taon	Unhoused Job and Resource Fair
Tagsibol - taon-taon	Transition Fair
Tagsibol - taon-taon	Aging, Disability & Advocacy Expo ng DSLC
Tagsibol - taon-taon	Santa Rosa Earth Day
Taglagas - taon-taon	Fiesta de Independencia

Puwedeng mabago ang kalendaryo.

Simula noong Marso ng 2021, nagsimulang makipag-ugnayan ang ROV sa mga organisasyon at partner ng komunidad para lumahok sa aming LAAC at VAAC, at para dumalo sa mga pangkonsultasyong pagpupulong para magbigay ng feedback sa aming draft na Plano sa Pangangasiwa ng Halalan (Election Administration Plan) 2021. Simula nang maitatag ang LAAC at VAAC ng County ng Sonoma, nagpupulong ang mga komiteng ito bawat quarter para talakayin ang mga potensiyal na outreach event na dadaluhan ng ROV. Ang listahan ng mga organisasyon na makikita sa ibaba ay tinukoy bilang mga partner na tutulong na iugnay ang aming plano, at tutulong sa outreach.

Mga Partner sa Komunidad

Advanced Collaborative Team Solutions
Advancing Justice/Asian Law Caucus
Becoming Independent
Charya Burt Cambodian Dance
Communique Interpreting
Community Action Partnership
Community Foundation
Corazon Healdsburg
Council on Aging
Department of Rehabilitation


Disability Rights California
Disability Services and Legal Center
Earle Baum Center
Filipino American Association of Sonoma State University
Filipino National Historic Society Sonoma County
Friends Outside
IHSS Public Authority
La Luz
La Voz Bilingual Newspaper
Latino Service Providers
League of Women Voters
Los Cien
NAMI Sonoma County
North Bay Industries
North Bay Jobs With Justice
North Bay Regional Center (naghahatid ng serbisyo sa mga taong may mga developmental disability)
Nuestra Comunidad
Senior Advocacy Services
Sonoma County Human Services Adult and Aging
Sonoma County Latino Democratic Club
Sonoma County Library
Sonoma State University
SRJC Disability Resources Department
SRJC ESL Department
SSU Disability Services
United Cerebral Palsy of the North Bay
Vietnamese Martyrs Mission- Catholic Church
Wat Meangkolvorn Cambodian Buddhist Temple
Wellness and Advocacy Center

**APPENDIX B: MGA HALIMBAWANG POSTCARD NG DIREKTANG
CONTACT NG BOTANTE**

(TINGNAN ANG MGA SUMUNOD NA PAHINA)



Sonoma County Registrar of Voters
P.O. Box 11485
Santa Rosa, CA 95406



I. M. AVOTER
1313 MOCKINGBIRD LN
NAPA CA 94558

IMPORTANT INFORMATION FROM THE SONOMA COUNTY REGISTRAR OF VOTERS
INFORMACIÓN IMPORTANTE DEL REGISTRO DE VOTANTES DEL CONDADO DE SONOMA

OFFICIAL BALLOT MAILED TO YOU / BOLETA OFICIAL ENVIADA POR CORREO

Your official Sonoma County ballot was mailed on February 5th. Voted ballots can be returned by mail, at any Official Ballot Drop Box, or at any Vote Center. **NO POSTAGE IS NEEDED.** If you want to vote in person, you can vote at any Sonoma County Vote Center. Vote Centers begin opening on February 24th and are open on weekends. Vote Center locations and hours can be found on the back of this mailer. To avoid waiting in line at a Vote Center, vote before Election Day. To check your voter registration status please visit voterstatus.sos.ca.gov. Sign up to track your ballot at wheresmyballot.sos.ca.gov.



Su boleta electoral oficial del Condado de Sonoma se envió por correo el 5 de febrero. Las boletas votadas se pueden devolver por: correo, en cualquier Buzón Oficial de Entrega de Boletas o en cualquier Centro de Votación. **NO SE NECESITA FRANQUEO.** Si desea votar en persona, puede votar en cualquier Centro de Votación del Condado de Sonoma. Los Centros de Votación comienzan a abrir el 24 de febrero y están abiertos los fines de semana. Las ubicaciones y horarios de los Centros de Votación se pueden encontrar en la parte posterior de este correo. Para evitar esperar en la fila en un Centro de Votación, vote antes del día de las elecciones. Para verificar su estado de registro de votante, visite voterstatus.sos.ca.gov. Regístrese para rastrear su boleta en wheresmyballot.sos.ca.gov.



VOTE BY MAIL

Ways to return your ballot:

- ★ Blue postage paid return envelope
- ★ Official Ballot Drop Box
- ★ Any Vote Center



VOTE IN PERSON

Services provided at Vote Centers:

- ★ Open up to 11 days, including weekends
- ★ Same day voting & conditional registration
- ★ Accessible voting equipment
- ★ Curb-side voting
- ★ Telephone interpreter services



VOTO POR CORREO

Formas de devolver su boleta:

- ★ Sobre azul de devolución con franqueo pagado
- ★ Buzón Oficial de Entrega de Boletas
- ★ Cualquier Centro de Votación

VOTAR EN PERSONA

Servicios proporcionados en los Centros de Votación:

- ★ Abierto hasta 11 días, incluidos los fines de semana
- ★ Votación el mismo día y registro condicional
- ★ Equipo de votación accesible
- ★ Votación en la acera
- ★ Servicios de interpretación telefónica

**March 5, 2024, Presidential Primary Election
8 de Noviembre de 2022, Elección Primaria Presidencial**



**Vote Center Locations & Hours
Ubicaciones y Horarios de los Centros de Votación**

7 Vote Centers open daily from February 24– March 5, 9 a.m. - 5 p.m., including weekends. March 5 (Election Day) 7 a.m. - 8 p.m.

7 Centros de Votación abren diariamente del 24 de febrero al 5 de marzo de 9 a.m. a 5 p.m., incluidos los fines de semana. El 5 de marzo (el día de las elecciones) 7 a.m. a 8 p.m.

Cotati Veterans Memorial Building 8505 Park Ave, Cotati	Sonoma County Registrar of Voters 435 Fiscal Dr, Santa Rosa
Healdsburg Community Center 1557 Healdsburg Ave, Healdsburg	Sebastopol Center for the Arts 282 S High St, Sebastopol
Petaluma Veterans Memorial Building 1094 Petaluma Blvd S, Petaluma	Sonoma Valley Regional Library 755 W Napa St, Sonoma
Santa Rosa Veterans Memorial Building 1351 Maple Ave, Santa Rosa	

24 more Vote Centers open daily from March 2 – March 5, 9 a.m. - 5 p.m., including weekends. March 5 (Election Day) 7 a.m. - 8 p.m.

24 Centros de Votación más abren diariamente del 2 de marzo al 5 de marzo de 9 a.m. a 5 p.m., incluidos los fines de semana. El 5 de marzo (el día de las elecciones) 7 a.m. a 8 p.m.

Bodega Bay Yacht Club 565 Smith Brothers Rd, Bodega Bay	Rohnert Park Senior Center 6800 Hunter Dr, Rohnert Park
Cloverdale Fairgrounds, Exhibit Hall 1 Citrus Fair Dr, Cloverdale	Sonoma State University – Tuscan Village, Casentino Room 1801 E Cotati Ave, Rohnert Park
El Malino High School – Library (Biblioteca) 7050 Covey Rd, Forestville	Amaros Academy (Sonoma County Office of Education) 3261 Dutton Ave, Santa Rosa
Geyserville Fire Station 20975 Geyserville Ave, Geyserville	Finley Center – Person Wing, Room 1 2060 W College Ave, Santa Rosa
Graton Community Club 8996 Graton Rd, Graton	Oakmont West Recreation Center 6470 Meadowridge Dr, Santa Rosa
Guerneville Regional Library 14107 Armstrong Woods Rd, Guerneville	Rincon Valley Regional Library 6959 Montecita Blvd, Santa Rosa
Kenwood Fire Station 9045 Sonoma Hwy, Kenwood	Sheppard Elementary School 1777 West Ave, Santa Rosa
Rancho Adobe Fire Station – Apparatus Bay 11000 Main St, Penngrove	Sonoma County Office of Education Board Room 5340 Skylane Blvd, Santa Rosa
Petaluma City Hall 11 English St, Petaluma	Spring Lake Middle School 4675 Mayette Ave, Santa Rosa
Petaluma Community Center 320 N McDowell Blvd, Petaluma	Del Mar Hall 40600 Leeward Rd, The Sea Ranch
Santa Rosa Junior College – Petaluma, Jacobs Hall, Arcade Room 680 Sonoma Mountain Pkwy, Petaluma	La Luz Center 17560 Greger St, Sonoma
Rohnert Park Community Center, Garden Room 5401 Snyder Ln, Rohnert Park	Bluebird Center 25 Bluebird Dr, Windsor



**Official Ballot Drop Box Locations
Ubicaciones de los Buzones Oficiales de Entrega de Boletas**

21 Official Ballot Drop Boxes will be available 24 hours a day from February 7 – March 5 and close at 8 p.m. on Election Day. Ballots will be picked up by the Sonoma County Registrar of Voters Office regularly.

21 Buzones Oficiales de Entrega de Boletas estarán disponibles las 24 horas al día del 7 de febrero al 5 de marzo y cerrarán a las 8 p.m. el día de las elecciones. La Oficina del Registro de Votantes del Condado de Sonoma recogerá las boletas regularmente.

Bodega Bay Fire Station 510 Hwy 1, Bodega Bay	Santa Rosa Veterans Memorial Building 1351 Maple Ave, Santa Rosa
Cloverdale Veterans Memorial Building 205 W 1st St, Cloverdale	Sonoma County Registrar of Voters 435 Fiscal Dr, Santa Rosa
Cotati Veterans Memorial Building 8505 Park Ave, Cotati	Sebastopol Veterans Memorial Building 282 S High St, Sebastopol
Duncans Mills Fire Station 24900 Hwy 116, Duncans Mills	Sonoma Valley Regional Library 755 W Napa St, Sonoma
El Malino High School 7050 Covey Rd, Forestville	Bluebird Center 25 Bluebird Dr, Windsor
Geyserville Fire Station 20975 Geyserville Ave, Geyserville	
Jack London Village 14301 Arnold Dr, Glen Ellen	
Guerneville Regional Library 14107 Armstrong Woods Rd, Guerneville	
Healdsburg City Hall 401 Grove St, Healdsburg	
Kenwood Fire Station 9045 Sonoma Hwy, Kenwood	
Petaluma Community Center 320 N McDowell Blvd, Petaluma	
Petaluma Veterans Memorial Building 1094 Petaluma Blvd S, Petaluma	
Rohnert Park-Cotati Regional Library 6250 Lynne Condé Way, Rohnert Park	
Sonoma State University 1801 E Cotati Ave, Rohnert Park	
Rincon Valley Regional Library 6959 Montecita Blvd, Santa Rosa	
Roseland Community Center 779 Sebastopol Rd, Santa Rosa	



For additional information about the upcoming election, to obtain an accessible electronic ballot, or accessible online Voter Information Guide, please visit our website or contact the Sonoma County Registrar of Voters Office.

Para información adicional sobre las próximas elecciones, para obtener una boleta electrónica accesible o una Guía de información para votantes accesible en línea, visite nuestro sitio web o comuníquese con la Oficina del Registro de Votantes del Condado de Sonoma.

Sonoma County Registrar of Voters
435 Fiscal Drive, Santa Rosa, CA 95403

(707) 565-6800
